Magasin ng BAGONG Buhay

ENERO 12, 1958

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
JAN 13 1958



Larawang kuha ni Elpidio Bustia

# MGA PILING BALITA

### DIPTERYA SA MAYNILA

"NAGBABALA sa publiko si Dr. Mariano C. Icasiano, punong pangkalusugan ng siyudad. hinggil sa dumaraming kaso at pagkamatay sanhi ng dipterya sa Maynila.

Kaugnay nito, nagbigay si Dr. Belmonte, katulong na puno ng kalusugan ng lunsod, ng sumusunod na tagubilin upang mapagingatan ang mga sanggol hindi lamang sa dipterya kundi sa ibang sakit din na gaya ng bulutong, kolera, tipus, iti, "hydrophobia" at tigdas:

1. Ang bakuna laban sa bulutong ay kailangang isagawa bago sumapit sa isang taong gulang ang sanggol. At ito'y uulitin sa gulang na limang taon o kung may salot:

2. Ang bakuna sa dipterya ay kung 9 o 10 buwan naman ang edad ng bata at ito'y daragdagan pagsapit sa isang taon at sa panahon ng pagtuntong ng bata sa paaralan;

3. Ang ineksiyon sa dagitdit na ubo ay pagkaraan ng anim na buwang maipanganak at ang ineksiyon laban sa tetano ay pagkaraan ng siyam na buwan mula sa pagsilang ng sanggol;

4. Ang sa Kolera-tipus-iti, sa panahon ng panganib o epidemya;

5. Ang sa "hydrophobia" — matapos na makagat ang bata ng aso o ng pusa, at ang sa tigdas ay sa loob ng walong araw pagkatapos na malantad ang kaso."

### WELGA SA GUBYERNO

"MALAMANG na lumaganap ang malakihang pag-aaklas ng mga kawani at manggagawang kasapi sa Confederation of Unions In Government Corporations na aabot sa may 15,000 kapag hindi maaagapang malunasan ang biglang pagsiklab ng aklsan kahapon sa limang korporasyon ng pamahalaan bilang pagtutol sa hindi pagpapairal ng sama-samang kasunduan sa mga unyon ng mga pangasiwaang kinauukulan.

Sinabi ni Emmanuel Clave, pangulo ng CUGC at ng PHHC Workers Union, na ang pangasiwaan ng mga korporasyon ng pamahalaan ay nabigo sa pagpapaganap ng mga umiiral na kasunduan sa paggawa." (Enero 8, 1958)"

*Kabilang sa mga dahilan ng mga aklasang ito ang pagbabawas ng manggagawa, gaya ng nangyari sa PHHC at pagpigil sa pagdaragdag ng sahod. Natural, kung isa ka sa mga nabawas o isa sa mga hindi naasensuhan, magtitipid ka!* Austerity! Austerity! —*GRF*

MAGASIN NG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY

Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila

Pansamantalang limbagan: PSP Press, Sampaloc Ave., Lunsod Quezon

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

MERCEDES R. MACALALAG — Pitak-Pantahanan
PETE VENEZUELA — Sa Sining
GREGORIO R. FLORENCIO — Kagawad
BEN T. SANTOS — Potograpo

HALAGA NG SUSKRISYON (LINGGO LAMANG)

Tatlong buwan . . . ₱3.00 Anim na buwan . . . ₱6.00
Isang taon . . . ₱12.00

Doble ang halaga kung ipadadala sa ibang bansa



Itinatalaga ng isang panauhin sa panayam ang pamunuang mamamahala sa buong panahon ng komperensiya. Masisinag sa mga mukha ng mga manunungkulan ang masayang pagtanggap sa kanilang tungkulin.





Sapagka't ang karamihan sa mga nag-aaral sa kolehiyo ay kabilang pa sa lipon ng kabataan, sila'y dumadalo rin sa mga panayam upang patunayang sila man ay nakikibahagi sa tungkuling dapat nilang gampanan sa kapakanan ng bayan.

Isang pangkat ng kabataang bumubuo sa isang lupon, samantalang naghahanda ng kapasyahang pararatingin sa matataas na pinuno ng pamahalaan.








Ang mga dalubhasa sa iba't ibang sangay ng mga kabuhayang pambansa ay inaanyayahang magtalumpati o mag-ulat sa mga paksang tinatalakay ng mga kinatawan. Makikitang nagsasalita si Dekano Conrado Benitez, pangulo ng pambansang YMCA.

# KABATAAN... Para Sa Kapakinabangan Ng Bayan



Sa bawa't suliraning talakayin at kapasyahang pagtibayin, laging nagkakaroon ng mainitang pagtatalo ang mga mag-aaral. Sa ganitong paraa'y naging masigla ang takbo ng mga pagpupulong.

UPANG MAGING MAKABULUHAN at maging mga tunay na "pag-asa ng bayan," ang kabataan ay dapat pakinabangan.

Taglay ang ganyang layunin, 5000 kabataan, kinabibilangan ng mga mag-aaral at ng mga taganayon, ang nagdaos ng 52 panayam sa iba't ibang pook sa kapuluan. Ang mga panayam na ito'y nasa ilalim ng pamamahala ng pambansang YMCA ng Pilipinas.

Sa halip na gugulin ng naturang mga kabataan ang buong panahon ng kanilang pagbabakasyon sa paglilibang, anim na araw (Disyembre 26-31, 1957) ang inilaan nila sa pagtalakay sa mga suliranin ng bansa.

Sa buong panahong itinagal ng mga panayam, pinag-usapan nila ang pinakamabibigat ng suliraning kinakaharap ng pamahalaan. Bawa't isa'y naging mahalagang bahagi ng pagpupulong sapagka't lahat ay tumatalakay sa iisang paksa: **kabataan para sa kapakinabangan ng bansa.**

Batid ng kabataang nagsipagpulong na malaki ang kanilang magagawa upang mabawasan ang pinapasang pananagutan ng pamahalaan sa bayan. Dahil diyan, nagpatibay sila ng mga kapasyahan matapos ang maingat na pagsusuri at mainitang pagtatalo.


Saklaw ng mga kapasyahan ang mga bagay na maaaring gampanan ng mga kabataan o, hindi man nila magagampanan, ay nagmumungkahi naman sa mga pinuno ng pamahalaan ng mga hakbang na maaaring isagawa.

Sa bawa't pagbubukas ng sesyon, may mga dalubhasang nag-uulat ukol sa kalagayang pangkabuhayan o pangkalusugan ng mga siyudad at lalawigan. Dito'y kumukuha ng mga kurukuro ang mga nagsisipagpanayam na magagamit nila sa pagtalakay ng iba't ibang suliranin.

Manaka-naka, sa pagitan ng mga sesyon, ang mga kinatawan ay nagdaraos ng maikling palatuntunan na kinabibilangan ng katutubong sayaw.




**Sundan sa Pahina 4**



Sa umaga, bago pasimulan ang sesyon, ang mga kinatawan ay nagpupugay sa bandila bilang inspirasyon sa pagtalakay nila sa mga suliraning pambayan.

Ito'y bahagi ng kabataan sa Baryo Kamohaguin, Gumaka, Quezon na bagama't hindi nagsisipag-aral ay masigasig na nagtutulung-tulong sa pagpapaunlad sa kanilang nayon.








# KABATAAN, PARA SA KAPAKINABANGAN...

KARUGTONG

NGUNI'T hindi sa pagpapanayam lamang nagwawakas ang mga pagsusumakit ng mga kabataang iyan. Tuwing bakasyon sa buong buwan ng Mayo, marami sa kanila ang nagsisidalo sa mga sanayan sa paggawa o **work camps.** Dito'y binabahaginan nila ng kanilang nalalaman ang mga nagsisipanirahan sa mga liblib na pook. Diyan nila higit na naipakikita ang kanilang **kapakinabangan.**

Bukod sa YMCA, marami pang mga samahang sibiko ang makapagtataguyod ng mga panayam kung panahon ng pagbabakasyon. Hangad ng kabataan na sila'y mapakinabangan. Naghihintay lamang sila ng pagkakataong tuklasin ang kanilang sarili. —*M. Nieves.*




Sa mahabang panahon ng bakasyon kung buwan ng Mayo, ang mga kabataan sa nayon ay hinihikayat sa paglilinang ng mga lupain. Dito'y nalilimot nila ang paglilibang at iniuukol ang kanilang mga oras sa mga gawaing kapaki-pakinabang.




**TALAGANG KAAKIT-AKIT!** — Sa larawang ito ni Jane Mansfield ay walang tututol kung sabihing siya ang pinakaseksing artista ngayon sa Holywood. Natanyag si Jane sa ganyang katangian na siyang pangunang nakaaakit ng kalalakihan sa panahong ito ng "hydrogen bomb". Kuha ang larawan nang magtungo si Jane sa Tokyo kamakailan.

**HUWAG KAYONG MAGIGITLA!** — Ito'y hindi isang pagsalakay ng mga "taong bakal" buhat sa ibang planeta. Ang nasa kaliwa ay isang "mobile robot" na nagbubuga ng apoy at ang nasa kanan ay isang pilotong may kasuotang pangkalawakan, mga laruang nakatanghal sa harapan ng bantog na Colosseum at "Arc of Triumph" sa Roma (makikita sa dakong likuran).






**KATAKA-TAKANG HAYOP!** — Ang nasa larawan ay hindi kalansay ng isang butiki kundi ang "moloch lizard" ng Australya, isang uri ng hayop na nakatatakot ang anyo, nguni't maamo at mabait. Ang paboritong pagkain ng hayop na ito ay langgam, at nakalululon ng 675 sa loob ng 15 minuto



**KAYAMANAN BUHAT SA MANIKA** — Si Mrs. Jennie H. Graves ng Inglatera ay nabantog dahil lamang sa kanyang mga manikang Ginnete at Jill. Nagsimulang gumawa ng manika si Mrs. Graves may 20 taon na ang nakalilipas, na ang pinagpaparisan ay ang anyo ng kanyang mga anak. Nang mamatay ang kanyang asawa, iyon na ang naging hanapbuhay niya. Ginawa niyang pabrika ang isang lumang gusali sa Medford. Ngayon, dalawa na ang malaking pagawaan ng manika ni Mrs. Graves na nagpapanhik sa kanya ng kayamanan.



# Ang Hukbo Ng Pilipinas

*ni Lydia del Rosario*

**Sa Kabila Ng Maaasahang Lakas Ng Hukbo At Ng Pakikiisa Ng Mga Bansang Kagawad Ng SEATO,**



MAKIKITA sa sandali ng pagsasanay sa maingat na pagsalakay sa kuta ng kaaway ang mga kawal ng Hukbong Pangkatihan. Bahagi lamang ito ng puspusan nilang pagsasanay sa araw-araw.

MAY KAKAYAHAN kaya ang Hukbong Sandataban ng Pilipinas upang maipagtanggol ang ating bansa kung kaka-sakaling may sasalakay mula sa labas?

Iyan ang pinakamahalagang tanong ngayon ng bawa't mamamayang Pilipino habang patuloy ang pagkakaroon ng labanan sa iba't ibang panig ng daigdig.

Ang pinakamalapit na kaaway ng Pilipinas ay ang Komunistang Tsina na sa loob ng nakaraang mga taon, at hanggang sa kasalukuyan, ay itinuturing ng ating mga pinuno ng Hukbo na isang palagiang banta ng panganib sa kapanatagan at kaligtasan ng Pilipinas.

May 60 hanggang 70 milya lamang ang layo ng Komunistang Tsina mula sa pinakadulong hilagang pulo ng Pilipinas. Napakalapit nito sa Pormosa, kaya ang pangamba ng mga mamamayan ay patuloy, sapagka't sinasabing kapag nakuha ng Komunistang Tsina ang Pormosa ay di-malayong pagbantaan na nito nang tuwiran ang Pilipinas.

Nang nagdaang taon lamang, iniulat ng pamunuan ng Hukbo at ng tanggulang-bansa na ang lakas ng palagiang kawal na panagupa ng Komunistang Tsina ay 2,200,000. Ang malaking hukbong ito ay tinutulungan pa ng tinatawag na "militia" na may 6 hanggang 10 milyong tauhan.

Iniulat din na may 2,000 ang mga aeroplanong pandigma ng Komunistang Tsina, at ang hukbong-dagat nito ay may 400 bapor-pandigma, at libu-libong batel na nakatutulong din nang malaki sa kilusang militar.

Sinasabing ito ay patuloy na dinaragdagan ng Rusya at patuloy na pinalalakas ang Hukbong panlaban ng Komunistang Tsina.

Paano naman ang ating Hukbo? Ano ang ginagawang pagpapalakas nito? May kakayahan kaya itong makipagsagupaan sa mahigit na 2 milyong kawal ng Komunistang Tsina?

Kung sabagay ay hindi pa naman nagbabantang sumalakay ang Komunistang Tsina sa Pilipinas pagka't ang Pormosa lamang ay hindi pa nila makuha. Nguni't upang makatiyak ng kapanatagan ang mga mamamayan ay dapat na matalos ang bagay na ito.

Mula noong 1949 hanggang 1950, nang panahong nasa kaagtingan ang kilusan ng mga Hukbalahap o mga mapanligalig sa Kapuluan, ang lakas ng mga kawal nating sandatahan ay 30,000 lamang.

Masasabing higit na malakas noon ang mga Huk kaysa mga kawal sapagka't ang santadahang tauhan ng Hukbalahap ay 10,000 at tinutulungan pa ng may 100,000 kagawad ng Buklod na tinatawag na "sympathizers" o mga tagapagmalasakit.

Nguni't nang sumapit ang 1946 ay nalansag ng Hukbo ang malaking samahang iyan at walang nalabi sa lakas ng Hukbalahap kundi 662 tauhang sandatahan na lamang. Ang karamihan sa mga Huk ay nabihag, marami rin ang kusang sumuko at marami ang napatay. Ngayon ay iilan ilan na lamang ang nalalabing nasa bundok.

Hindi ba kagila-gilalas ang tagumpay na iyan ng Hukbo? Samakatuwid ay hindi dapat pag-alinlanganan ang kanilang kakayahan.

Nguni't hindi nasisiyahan sa tagumpay na iyan ang mga pinuno ng ating Hukbo at kagawaran ng tanggulang-bansa.


Alam nilang patuloy ang banta ng mga Komunista mula sa labas kaya naman patuloy rin sila sa paghahanda, pagpapalakas, pagsasanay sa labanang sauluhan, at iba pa.

Ang sinisikap ng pamuan ng Hukbo ay maging dalubhasang lahat ang bawa't tauhang militar sa mga palihim na panalakay.

Araw-araw ay pinagsasanayan nila ang kung paanong ang isang kawal ay makapapatay o makabibihag ng san-

ITO ANG BAHAGI ng malaking pangkat ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas nang magkatipon sa Kampo Murphy. Sinusuri sila ng Pangulong Garcia at ng Kalihim ng tanggulang-bansa sa mga sandali ng rebista militar.

PUSPUSAN din ang ginagawang pagsasanay ng mga tauhan ng Hukbong Pandagat ng Pilipinas. Nagpapakadalubhasa sila sa maingat at mabisang pakikidigma sa laot, sa tulong ng tinatawag nilang "frogmen" na nakasisisid nang matagal at nakasasalakay sa bapor ng kaaway nang di napupuna.



## Dapat Maging Handa Ang Pilipinas Sa Lahat Ng Sandali

datahang kaaway. Mahirap gawin ito, nguni't magugulat na lamang ang mga mamamayang Pilipino sa sandaling matalos nila na dalubhasa na sa ganitong gawain ang ating mga kawal.

Sa kasalukuyan ay mahigit lamang sa kalahating milyon ang sandatahang tauhan ng ating Hukbo. Hindi matiyak kung ilan ang bilang ng ating mga bapor at aeroplanong panagupa.

Suhali't hindi dapat hamakin ang kakayahan ng Hukbong ito ng Pilipinas sa kanilang mga pamamaraan sa pakikidigma.

Magugunitang kamakailan lamang, ang Hukbong Pandagat ng Philipinas (Philippine Navy) ay nagsagawa ng malaking pagsasanay sa pakikilaban sa mga kaaway sa gitna ng karagatan.

Pinagsanayan nilang mabuti kung paanong masasalakay ang malalaking bapor-pandigma ng kaaway nang walang kamalay-malay.

Marami silang mga "frog men" kung tawagin o mga tauhang may kasuutang tulad ng sa palaka na silang sumisisid sa karagatan upang makarating sa kinaroroonan ng mga bapor ng kaaway nang walang makapapansin. Sila ang paunang sugo o paunang tagasalakay ng Hukbong-dagat natin. Sa sandaling makaakyat na sila sa mga bapor ay magugulantang na lamang ang mga kaaway at matututop nila nang walang kalaban-laban.

Ang Hukbong Panghimpapawid naman natin ay hindi rin tumitigil sa kanilang pagsasanay sa araw-araw. Hindi lamang ang pagpapalipad ng aeroplano ang kanilang pinagsasanayan, hindi lamang ang mabisang panunudla sa mga aeroplano ng kaaway, kundi ang paraan ng pagpapabagsak ng isang aeroplanong Pilipino sa sampu o higit pang aeroplano ng kaaway.

Lalong puspusan ang ginagawang pagsasanay ng mga tauhan ng ating Hukbong Panghimpapawid sa pagpapalipad sa napakatuling aeroplanong jet na inihandog sa atin ng Amerika bilang tulong sa ating tanggulang-bansa.

Ang jet ay isa sa pinakamakabagong aeroplanong panalakay ngayon kaya hangad ng ating Hukbong Panghimpapawid na maraming abyador na Pilipino ang matutong magpalipad nito.

Hindi rin naman nagpapahuli sa pagsasanay ang ating Hukbong-Katihan. Araw-araw ay isinasagawa nila ang mapapanganib at napakahihirap na pag-eensayo sa pagsalakay sa mga kuta ng kaaway.

Hindi lamang mga tao ang sinasanay ng ating Hukbong Pangkatihan kundi pati mga aso. Napatunayan nila na ang mga aso ay nakatutupad ng mahahalaga at maseselang na tungkulin sa mga kilusang militar.

Sa tulong ng mga aso, makukuhang matunton ng ilang tauhan ng Hukbo ang kinaroroonan ng kuta ng mga kaaway.

Ginagamit din ang mga aso ng Hukbo sa pagtugis sa mga nakatatakas na kriminal.

Ginagawa ng mga pinuno ng Hukbong Sandatahan at ng kagawaran ng tanggulan ang lahat ng hakbang upang mapasigla ang lahat ng tauhan sa puspusang pagsasanay at sa maayos na pagtupad ng tungkulin.

Alam nila na hindi sapat ang magkaroon lamang ng mahihigpit na disiplina at ng maraming ipinatutupad na tuntunin.

Ang pinakamahalaga sa lahat, upang maging masigasig ang mga kawal na ito at upang tumaas ang moral, ay ang bigyan sila ng malalaking sahod at mabubuting pangangalaga.

Bilang pagkilala nga sa pinakamahalagang bagay na ito ay iniutos ni Heneral Alfonso Arellano, puno ng estado mayor ng Hukbo, na taasan ang sahod ng may 500 kawal na pawang natatangi ang mga tala ng ginawang paglilingkod.

(Sundan sa pahina 29)

## mga Sulat sa Editor

Naibigan ko po ang bilang ng inyong magasin na kinalathalaan ng artikulo ni G. Edgardo Jose Espiritu (*Paghahanap ng Bahay*) at ng akda ni G. Pedro S. Dandan (*Walang Bahid-dungis*). Sana'y makababasa pa ako sa inyong magasin ng mga akdang may gayong uri.

May pabuya po ba ang akda kong nalathala sa inyong magasin na may pamagat na "Pagsisisi"? Kung mayroon po ay makukuha ko po ba iyon kahit na matagal nang nalathala? Kung hindi po malaking kaabalahan sa inyo ay maaari po bang ipadala na lamang ninyo sa akin sa pamamagitan ng koreo?

Maaari rin po bang magpadala uli sa inyo ng isang pang akda? — *Alfredo Batario, Jr., G. Villanueva, Lunsod ng Fasay.*

**Ibubulong ho namin kina Mang Pedring at Mister Espiritu na naibigan ninyo ang kanilang mga akda.**

**Ipidadala namin sa pamamagitan ng koreo ang inyong pabuya.**

**Maaari ho, bakit hindi. Magpadala uli kayo. . .**

---

Kalakip po nito ang isa kong akda na may pamagat na "Love Letters On The Sand". Inaasahan kong ito'y magugustuhan na ninyo.

Ang kuwento kong may pamagat na "Ludy" na ipinadala ko riyan noong ika-4 ng Nobyembre ay hindi pa bumabalik. Nauna pang bumalik ang kuwento kong may pamagat na "Paglimot" gayong huli kong ipinadala kaysa una. Ang hindi po ba pagbabalik ng aking "Paglimot" ay nangangahulugang malalathala? —*Diosdado Tolentino, Rizal, Lunsod ng Kabanatuan.*

**Nagustuhan nga ho namin. Katunaya'y hanapin ninyo sa bilang na ito at mababasa na ninyo (binago lamang namin ang pamagat).**

**Titingnan ho namin kung ano ang nangyari sa inyong "Paglimot" —ED**





## Ang Pabalat

SI MYRA CRISOL, ang pabalat natin ngayon, ay isang "starlet" ng Premiere Productions, Inc. na maraming tagahanga. Nakilala siya sa pagiging "galawgaw" sa mga nilalabasan niyang pelikula, nguni't sa tunay na buhay, siya'y mabait, tahimik, at mabuting makipagkapuwa. Ang mga katangiang iyan ni Myra, bukod sa kakayahan niyang gumanap sa harap ng kamera, ang nagiging puhunan niya sa mabilis na pagkatanyag sa daigdig ng ikapitong-sining. Marami na siyang nalabasang pelikula, at sa kasalukuyan ay ginagawa niya ang "Lutong Makaw" na kasama ng Lo' Waist Gang.

Sa pitak na ito ay ipinakikita sa atin ni Myra ang isang marikit na kasuotang intsik na angkop isuot sa mga piling pagkakataon. Hindi lamang iyan. Nais din niyang "ipagmagaling" ang tatlong uri ng ngiti na may iba-ibang kahulugan: ngiting nang-aakit... ngiting may ipinahihiwatig na damdamin... pagbibigay-lugod lamang sa pinag-uukulan.


Talagang iba na nga naman ang artista, ano po!





## Mga Payong PANTAHANAN

- Patungan o tahian muna ng papel ang ilalim ng sedang damit na buburdahan upang maiwasan ang pangungulubot at ang hindi pagkakapantay-pantay ng ibuburda.
- Huwag lalagyan ng gamot ang ano mang punong namumulaklak o nasa kasaganaan sapagka't makasasama.
- Gawing kola ang pinaghalong **baking soda at tubig**, ito ay mainam na panggamot sa paso.
- Mapakikinang ang mga bagay na ginintuan kung ang gagamitin ay ang pinaghalong ½ tasang amonya at 1½ tasang tubig.
- Ibabad sa mainit na tubig na may sabon ang walis na tinting nang tumigas ang bawa't tinting.
- Huwag magtitimpla ng tsaa sa tubig na nanatili na sa isang sisidlan nang magdamag, kumuha ng bagong tubig (sa gripo).
- Ibabad ng ilang sandali ang kamay sa malamig na tubig kung nahihirapan kayo sa pag-aalis ng singsing.
- Alisin ang mantsa sa ngipin na likha ng ano mang bungangkahoy, ng asin.
- Mapapuputing lalo ang mga puting damit kung ibababad sa tubig na may isang kutsaritang **cream of tartar.**
- Isabit ang maruming sapatos na **tan** sa isang sabitan. Kuskusin ng pranelang inilublob sa tubig na may sabon. Tuyuin ng malinis at tuyong basahan. Kuskusin ng **vaseline jelly** o **castor oil.** Kapag tuyo na ang ipinahid, hugasang muli ng tubig at sabon.
- Budburan ng kaunting arina ang ipipiritong patatas nang lalong sumarap.
- Kung kayo'y lubhang mataba, iwasan ang pagkain ng matatabang pagkain at ugaliin din ang paliligo ng mainit na tubig. Huwag ding iinom sa pagitan ng pagkain.
- Huwag itataob ang boteng pinatutuyo, hayaang nakatayo at matuyo nang kusa.
- Gawing panapin sa diban o sa plantsahan ang sirang blangket.



ANG PALAGIANG PAGSISIPILYO ng buhok, mahaba man o maikli, ay kailangan upang ang langis ay maikalat sa buong anit. Maaaring gawin ang pagsisipilyo tuwing gabi o tuwing umaga. Makikita ang mag-ina sa kanilang pagsisipilyo ng buhok sa pamamagitan ng paggamit ng malinis na *brush*.

ANG PAGDADALA ninyo ng mga aklat ay may kinalaman sa inyong tindig. siyang ipinakikita ng babaing nakalarawan. Dapat na ituwid ang katawan namang dalhin ang mga aklat sa kamay, subali't kailangan ang paminsan- sa kabilang kamay upang maiwasan ang pamimihasa ng hilig. Iwasan ang paghilig sa panig na may aklat sapagka't baka magkabilan ang inyong bali



Ang wastong paraan ay at ang ulo. Maaari rin minsang paglilipat niyon pagsama sa bigat o ang kat.

# Kagandahan

*ni M. R. Macalalag*

## ... uliran ba ang inyong kabiyak?

Sundin lamang ang pangunahing bagay na hinihingi sa pagkakalaong ito — ang **pagiging lubos na tapat** sa inyong sarili sa pagsagot sa mga katanungang sumusunod — upang maging lubos na makabuluhan ang inyong mga sagot.

**SA MGA LALAKI...**


1. Kung kayo (ikaw at ang iyong asawa) ay nasa isang pagtitipon. madalas ka bang nakapapansin ng lalaking tumitingin sa kanya sa pag-aakalang hindi mo siya nakikita?
2. Lubos ba ang paniniwala mong siya, higit kaninuman, ang pinakamasarap magluto?
3. Siya ba ang unang bumabangon sa gabi kung nagigising ang inyong anak?
4. Naragdagan ba ng limang libra ang timbang ng iyong kabiyak kaysa rati?
5. Hindi ba siya tumatawag sa iyong upisina hangga't hindi kailangang-kailangan?
6. Hindi mo pa ba siya nakikitang magalit at makalimot sa kanyang sarili sapul nang kayo'y kasalin?
7. Sinusupil ba niya ang inyong mga anak at hindi na nagsusumbong pa sa iyo upang ikaw ang maglapat ng karampatang parusa?
8. Hindi mo ba nauulit sa kanya ang ano mang balitang naririnig mo sa paligid-ligid dahil sa alam mong ayaw niya ng tsismis?
9. Hindi ba siya nahuhuli sa inyong tipanan, at kapag ikaw naman ang hindi dumarating sa oras, hindi ba siya nagagalit?
10. Pumapayag ba siyang makipagsayaw ka sa ibang baabe kung kayo ay dumadalo sa mga sayawan?
11. Maayos ba niyang itinatago ang mga kasulatang nauukol sa bahay, tulad ng sa ilaw, tubig, lupa, atbp.?
12. Inaayos ba niya ang kanyang sarili bago dumulog sa agahan?

**SA MGA BABAE...**


1. Kinagawian ba niya ang yayain kayong mag-iinang kumain sa labas o di naman kaya ay siya ang nagpupumilit na magluto ng

*(Sundan sa pahina 24)*

# Pawang Yari Ng Papsikel




**Ang paggawa ng plorera** — paghanay-hanayin ang mga 15 patpat ng papsikel. Patungan ng walong patpat na pasalisalisi at lumilikha ng walong sulok na ang bawa't dulo'y may palabis, mahaba sa simula at lumiliit ang palabis habang tumataas. (Tingnan ang nakalarawan).




**Ang paggawa ng** wishing well — maghanay ng 12 patpat. Patungan ng apat na patpat sa bawa't paligid. Patungang muli ng apat pang patpat na salisihan. Ipagpatuloy ang paggawa hanggang sa umabot sa nais na taas. Idikit nang magkatapat (patindig) ang dalawa pang patpat, upang siyang maghawak sa bubungan ng balon. **Ang bubungan** — maghanay ng pitong patpat. Idikit, pagkatapos ay dikitan pa rin ng dalawa pang patpat na pahalang sa magkabilang dulo, lagyan ng palabis ang magkabilang dulo. Gumawa ng isa pa, pagkatapos ay pagdikitin ang dalawang patpat at ito ang gawing gitna ng pagkakabiting bubong. Tularan ninyo ang nakalarawan.

# Sa Mga Patpat

ANG MGA PATPAT ng pasikel, na karaniwang pinaglalaruan ng mga bata, matapos magamit ay maaaring pakinabangan. Sa pamamagitan nito ay maaaring makagawa ng plorera, sisidlan ng prutas at kahon ng alahas. Ang paggawa ay napakadali. Linising mabuti ang tangkay ng papsikel, patuyuin sa araw, saka maghanda ng kolang siyang magdidikit sa mga patpat ayon sa hugis ng nakalarawan sa paligid. Upang maging makinang ang binuong kasangkapan (alin man sa apat na huwaran) barnisan nang manipis.




**Ang paggawa ng sisidlan ng prutas** — Ang paggawa ay hindi na rin nalalayo sa paraan ng pagbubuo ng mga ibang bagay. Ang mahalaga ay ang pagsasalansan nang salisihan. Ito nama'y ginagawa nang papalayo upang huwag maging malalim ang loob. Sa pagtingin lamang sa larawan ng bagoleta o laruan, malalaman ninyo kung paano iyon bubuuin.



**Ang paggawa ng kahon ng alahas** — Maingat na paghanay-hanayin nang walang puwang ang mga patpat ng papsikel (huwag kukulangin sa sampu) at idikit sa pamamagitan ng dalawang unang patong ng patpat ang mga dulo. Isunod pagkatapos ang salisalising pagpapatung-patong ng patpat sa magkatapat na gilid hanggang sa umabot sa katamtamang kapal. Kung nais ninyo, maaaring ihilis nang kaunti at gawin ang gayon habang idinidikit.

# MGA PAGKAIN NATIN



## Ensaladang Itlog

**Buhat sa STAR RECIPES ng CALTEX (PHIL.) INC.**

**Mga sangkap:**

8 nilagang itlog ng manok
kaunting asin at paminta
pimiento
dahon ng letsugas
gatas o mayonesa
katas ng kalamansi
"mustard"
"cayenne"

**Paraan ng paghahanda:**

Hatiin ang nilagang itlog. Alsin ang pula ng bawa't isa.
Durugin ang pula ng itlog sa kaunting gatas o mayonesa.
Timplahan ng kaunting asin, paminta, katas ng kalamansi, mustard at cayenne. Lagyan din ng kaunting pimientong hiniwa nang pinung-pino. Lamnan ang bawa't hati ng itlog (puti) ng pinaghalu-halong mga sangkap. Ihanay sa ibabaw ng dahong letsugas pagkatapos.

## Halaang May Malunggay


**Buhat sa STAR RECIPES ng CALTEX (PHIL.) INC.**

**Mga sangkap:**

3 kutsarang mantika
3 hiwang luya (manipis at pahaba)
3 tasang halaan (hugasan at salain)
1 tasang hinimay na malunggay
¼ kutsaritang paminta
3 butil na bawang (dinikdik)
3 kutsarang hiniwa-hiwang sibuyas
3 tasang hugas-bigas
2 kutsaritang asin

**Paraan ng pagluluto:**

Igisa ang bawang, luya, sibuyas at ang halaan sa kaunting mantika.
Isama ang hugas-bigas. Takpan at hayaang kumulo nang tatlong minuto.
Isahog ang dahong malungay at pakuluin pa ng tatlong minuto. Timplahan ng asin at paminta. Ihaing mainit.



## Pinaltok

ni Adelaida Santos

**Mga sangkap:**

3 tasang binola-bolang malagkit na galapong (sinlalaki ng holen)
1½ tasang asukal
6 na tasang gata

**Paraan ng pagluluto:**

Isalang ang gatas at isama ang binola-bolang malagkit.
Pakuluin saka isama ang asukal.
Patagalin ng mga sampung minuto ang pagpapakulo saka tikman at hanguin
Ito'y inihahaing kasama ng suman.

## Bibingkang Kamoteng-kahoy

ni Adelaida Santos

**Mga sangkap:**

1 tasang kinayod na kamoteng kahoy (nilaga)
½ tasang gata
½ tasang asukal
1 tasang kinayod na niyog
2 itlog ng manok
1 kutsarang mantikilya

**Paraan ng paghahanda:**

Batihin ang itlog saka isama ang asin, kamoteng kahoy, kalahati ng gata at asukal. Haluing mabuti ang mga sangkap saka ipasok sa pugon.
Lutuin nang bahagya saka alisin sa pugon. Isama ang kinayod na niyog.
Isama ang kalahati pang tasang gata at asukal saka pahiran ng mantikilya ang ibabaw. Ipasok na muli sa hurno. Hanguin kapag kulay ginto na ang ibabaw.

*ni Mario Nieves*

SA ISANG SULOK sa simbahan ng Quiapo ay mapayapang nakaupo ang isang babae — 57 taong gulang, pisak ang isang mata, gusgusin ang suot, at may kipkip na isang bayong. Siya'y si Gng. Guadalupo Sta. Iglesia Felix.

Hindi na isinasabod ni Aling Upeng ang kanyang mga palad. Sa kanyang pananahimik... sa kanyang pagtingin-tingin sa nangagdaraan... ay matitiyak ninuman na siya'y isang pulubi.

Si Aling Upeng ay umaalis tuwing ikatlo ng umaga sa kanyang tinutuluyan sa 1639 Dakota, Lunsod ng Pasay, patungo sa Quiapo upang siya'y maagang makarating sa kanyang puwesto. Nilalakad lamang niya ang layong iyon.

Hindi siya maaaring sumakay. Kailangan pa muna niyang magpalimos. At kung may pera man sa kanyang portamoneda, hindi siya gagasta.

Mataas na ang araw kung sapitin niya ang Quiapo. Doon na niya uubusin ang kanyang maghapon... naghihintay ng awa ng kapuwa.

—Kung hindi nagumon sa paglalasing, pagsusugal, at pambababae ang aking asawa, marahil ay hindi ko dinaranas ang hirap na ito. Hindi sana ganitong kababa ang aking kalagayan ngayon.

Iyan ang madalas niyang naibubulong sa sarili kapag napapadako sa nakaraan ang kanyang alaala.

Dalaga pa siya noon, labimpitong taong gulang, nang iisanin niya ang kanilang lalawigan. Sa Leyte ay isa siyang tagapaglingkod ng isang mestisong nagngangalang Dalmacio Costas.

Tumatanggap siya ng labinlimang piso isang buwan. Ito'y nakatutulong sa kanilang mag-anak. Kaya nang umalis nga ang kanyang pinaglilingkuran, walang pagaalala siyang sumama sa Maynila.

Aniya: —Mabuti na ang nakikipagsapalaran kahi't papaano.

Nguni't hindi niya inakala, biglang nagbago ang kanyang amo nang nasa siyudad na sila. Unti-unting nabalam ang pagtanggap niya ng suweldo. Hindi nasuklian ang paghihirap niya sa pag-aalaga ng bata.

Sa huli'y napilitan siyang lumipat ng pinaglilingkuran. Isang Amerikano ang tumanggap sa kanya bilang isa ring yaya. Doon niya nakatagpo si G. Cirilo Felix, isa ring katulong.

Nagpahayag ng pag-ibig si Mang Cirilo.

—Nguni't... —pangangatuwiran niya, —naipangako kong tutulong ako sa aking mga kapatid sa lalawigan. Hindi pa ako makalalagay sa tahimik.

—Hindi kaya magiging higit na magaan para sa iyo kung makakatulong mo ako sa bagay na iyan?

Walang naisagot si Aling Upeng. Hindi na niya nailihim ang pagtatangi rin kay Mang Cirilo.

At napakasal sila nang taong 1918. Dahil sa naatang na pananagutang may-asawa, unti-unting naputol ang padalang-tulong ni Aling Upeng sa kanyang mga kapatid.

Humanap sila ng murang bahay-paupahan sa Ermita at sila'y nagsarili. Iyo'y naragdag sa gugulin nila. Sumigid ang kanilang pangangailangan nang isilang ang una nilang anak.

Nabahala si Aling Upeng kaya hinimok na niyang pahanapin ng ibang trabaho si Mang Cirilo: — May nalalaman ka rin lamang sa pagmamaneho, mabuti pa'y magtsuper ka na lamang.

Napahinuhod ang kanyang asawa. Nakaangat sila nang bahagya ... pagkakapaangat na sinabayan ng pagbabago ni Mang Cirilo. Naginom na iyon ng alak, nagumon sa sugal, at natutong mambabae.

Bahagya na siyang mabigyan ng kinikita ng kanyang asawa. Kinailangan na niyang maglabada, lalo't nang maging tatlo ang kanilang anak.

Para kay Mang Cirilo. hindi pa sapat ang gayong pagpapabaya. Kung dumarating nang gabi, sinisigawan pa at sinasaktan si Aling Upeng.

—Alang-alang sa aming mga anak, ang lahat ay pinagtiisan ko, —ani Aling Upeng.

Dumating ang ikalawang digmaang pandaigdig. Lalong nagpabaya si Mang Cirilo; higit na pasakit ang pinasan ni Aling Upeng.

At, dahil sa sakit at pagdarahop, isa-isang binawian ng buhay ang mga anak ni Aling Upeng. Yao'y ipinanlumo niya nang labis.

Samantala'y isa na namang buhay ang naramdaman niya sa kanyang sinapupunan. Napawi nang bahagya ang kanyang mga hinanakit, nguni't yao'y may pag-aalinlangan.

Nagkatutoo ang kanyang ipinangangamba. Ang pananakit sa kanya ni Mang Cirilo'y naging sanhi ng di niya pagsisilang ng sanggol. At sa pagkakataong yao'y naglubha ang kanyang kalagayan. Nalumpo siya.

Matagal siyang namalagi sa pagamutan. Nalunasan naman agad ang kanyang pagkalumpo.

Pagbabalik niya sa kanilang bahay ay natuklasan naman niyang may sakit si Mang Cirilo. Sarisaring sakit ang dumapo sa kanyang asawa, kabilang ang almoranas at tisis.

Sa panahon ng pananakop, isa pang trahedya ang naranasan ni Aling Upeng. Sa isang kublihan, natamaan ng isang kortadilya ang kanyang kanang mata.

—Nagdilim ang aking paningin; matinding kirot ang naramdaman ko!

Namulat siya sa pagkakandili ng isang pagamutan. Wala na ang kirot—wala na rin ang kanyang kanang mata.

Mahapdi para kay Aling Upeng ang pangyayaring iyon... kasinghapdi ng mga pasakit na tinanggap niya kay Mang Cirilo.

Kaya nga hindi niya labis na ikinalungkot ang pagkamatay ng kanyang asawa matapos na iyo'y maglubha sa dinadalang mga sakit.

At noong araw ng paglaya, samantalang ipinagdiriwang ng bansa ang natamong pagsasarili, si Aling Upeng at ang ibang kamag-anak ay nagluluksa sa harap ng nakaburol na bangkay ni Mang Cirilo.



Si Aling Upeng ay isa sa maraming nalalayo man sa kanyang kapuwa'y malapit naman sa damdamin ng Lumikha.



"... sa kanyang pananahimik ...sa kanyang pagtingin-tingin sa nangagdaraan... ay matitiyak ninuman na siya'y isang pulubi.

**● Sa Kanilang Daigdig**

# KINABUKASANG PINADILIM NG ALAK, SUGAL AT BABAE

**Dahil Sa Tatlong "Linta" Na Sumipsip Ng Kanyang Mayamang Dugo, Dinaranas Niya Ngayon Ang Isang Napakaabang Kalagayan**

Maging sa pagkakataong yaon ay hindi natiyak ni Aling Upeng ang kanyang nadama: samantalang nagluluksa siya'y waring ipinagdiriwang ng kanyang kalooban ang pagwawakas ng kanyang mga paghihirap.

Ngayon, sariwa pa sa isip ni Aling Upeng ang nakaraang mga pangyayari. Nguni't wala siyang panahong malungkot. Abala siya sa pagtingin-tingin sa mga nagpaparoo't parito sa simbahan.

Tuwing tanghali, pagkatapos niyang makalikom ng diyes o beinte sentimos, tutungo siya sa isang maliit na restawran at doon kakain ng pan-de-sal at walang gatas na kape.

Kung napagmamasdan niya ang maitim na kape, pilit na sumasagi sa kanya ang kulay ng naging mapanglaw niyang buhay. Ang mapait-pait na lasa niyo'y tulad pa rin ng mapait na alak na nagbuyo sa kanyang asawa sa mapaminsalang mga bisyo.

Wala nang malapitang kamaganak, si Aling Upeng ay nakikisukob lamang sa tirahan ng isang kakilala. Doo'y bumabayad siya ng dalawangpisong upa isang bu-

(Sundan sa pahina 29)

(Ika-27 Labas)

ANG KASUNDUAN SA PARIS na nagpapatibay sa pagsakop ng Amerika sa Pilipinas na nilagdaan nang ika-10 ng Disyembre, 1898 ay isang mariing hampas na lumatay sa damdamin ng mga Pilipino. Lumikha ng alingasngas sa bawa't pagtitipon ang "kasakiman ng mga Puti". Naglagablab ang dating init sa puso ng balana na sadyang naghihintay... nagmamatyag...

At, ang unang putok ng himagsikang Pilipino-Amerikano ay umalingawngaw sa kadiliman ng gabi nang ika-4 ng Pebrero, 1899. Isang Amerikano ang unang nagpaputok.

NAGISING SIYA nang umagang yaon tulad ng bawa't umagang sumunod sa mga gabing putos ng kadiliman, ng pangungulila. Walang-wala sa kanyang isip na isang pangyayari ang naganap nang gabing yaon. Tinungo niya ang tokador, tulad ng dating ginagawa, at sinuklay ang mahaba't alun-along buhok. Maganda raw ang kanyang buhok, ani Gelay, naisip niya. Isang tuyong ngiti ang namuyo sa kanyang mga labi.

—Montserrat!

Napalingon siya sa pinagmulan ng tinig. Sa biglang bumukas na pintuan ay nakatayo si Gelay.

—Bakit, Gelay? Ano ang nangyayari sa iyo?

Sa halip tumugon ay tinungo ni Gelay ang bintana at binuksan. Sumunod siya kay Gelay.

—Gelay..., —nalunod sa kanyang lalamunan ang iba pa niyang sasabihin. Napakapit siya sa bisig ni Gelay.

—Sila ang labi ng mga kawal Pilipinong nakasagupa ng pangkat ng Amerikano sa tulay ng San Juan.

Nanatiling nakatuon sa pangkat-pangkat na mga lalaki ang kanyang paningin. Karamihan sa mga yao'y sugatan. Labi iyon ng isang lakas na ginapi. Bahagi iyon ng isang dating lakas na iginupo ng isang lalong makapangyarihang kaaway. Umurong sila, naisaloob niya. Itinataboy sa lupang karapatan lamang na mapasakanila. Napatalikod siya sa bintana.

—Saan ka pupunta, Montserrat?

—Mananaog ako, Gelay.

Isang alampay ang ibinalabal ni Montserrat at nanaog na kasunod ng kaibigan. Higit na kahambal-hambal ang pangkat-pangkat na mga lalaking naglalakad sa nag-iisang lansangan. Ang kaanyuan ng mga yaon ay lalong tumitiyak ng isang makabagbag-pusong katotohanan. Pagkagapi.

—Pumanhik ka, Gelay, at kumuha ng ano mang makakain!

Itinulos sa pagkakatayo si Gelay at matagal na napatitig sa mukha ng dating panginoon. Tumalikod si Montserrat at binuksan ang pintuang bakal ng bakuran. Hindi kumilos sa pagkakatayo si Gelay.

—Montserrat..., —muling humarap si Montserrat sa kaibigan. —Ba—bakit mo gagawin...

Nang maramdaman ni Gelay na ibig umiwas ni Montserrat sa kanya ay tinangnan iyon sa isang bisig.

—Bakit, Montserrat? Bakit ibig mo itong gawin sa... kanila?

—Aywan ko, Gelay, —makailang ulit na umiling si Montserrat, —marahil... dahil kay Papa... o sa pagkahabag ko sa kanila!

—Sa kabila ng katotohanang sila'y mga Pilipino? —Isang buntunghininga ang hinugot ni Gelay sa dibdib. —Hindi, Montserrat. Higit doon.

Napataas ang mukha ni Montserrat kay Gelay, na, waring nabigla sa tinuran ng dating utusan. Sa kanya nakatitig ang hindi kumukurap na mga mata ni Gelay.

—Nang una'y sinapantaha kong kaya ka nagbalik ay dahil nga sa iyong Papa. Nguni't hindi, Montserrat, batid ko. At huwag mong ikagalit... pinakikiramdaman kita. Hindi ka...

Isang lagapak ang narinig ni Montserrat. Nasampal niya si Gelay. Hindi niya iyon sinasadya. Hindi.

—Gelay...

—Hindi ka maligaya sa iyong pagbabalik, Montserrat, —patuloy ni Gelay, na hindi inalumana ang pagsampal sa kanya ng dating panginoon. —Hindi, Montserrat. Kahit sa pagtulog ay umiiyak ka. At lagi na'y ibig kitang tulungan. Nguni't papaano?

—Gelay...

—Bakit, Montserrat? Bakit mo nga ito gagawin sa kanila... sila na dahilan ng iyong pagluha?

—Aywan ko, Gelay! Aywan ko!

—Alam mo, Montserrat...

Napatungo si Montserrat. Nganinganing sabihin na niya ang lahat. Si Gelay, sa kabila ng kanyang pagkakasampal dito'y isang mabuting kaibigan, naisaloob niya. Hindi siya pababayaan nito. Tutulungan siya. Nguni't papaano pa? Paano pa?

Mahigpit na nayakap ni Gelay ang katawang bumagsak sa kanyang mga bisig.

—Montserrat... Montserrat...

—Gelay... tena, nakaraan na sila.

Nang mag-angat ng mukha si Montserrat sa pagkakasubsob sa dibdib ni Gelay ay tinapunan ng tanaw ang huling pangkat ng mga lalaki sa dulo ng nag-iisang lansangan. Nabuo sa kanyang paningin ang kaanyuan niyon: isang lalaking halos hindi na maihakbang ang mga paa na nakaakbay sa dalawang lalaking ang isa'y may benda sa ulo't ang isa'y may tali sa balikat. Kasunod ng tatlong lalaki'y isang maliit na kanyong degulong na hinihila ng tatlo pang lalaki.

—Tena, Gelay, pumanhik na tayo.

NAKATAWID NA RAW ng tulay San Juan ang mga Amerikano, narinig niyang sabi ni Aling Juanang nagrarasyon ng gatas sa kabayanan. Katatangkad daw at kapupula ng ilong, pagbabalita ni Aling Juana. Ayaw maniwala si Ingkong Pitong na nakakita nga si Aling Juana ng mga Amerikano. Sabi raw lamang iyon ni Aling Juana! Ni si Mang Ikong ay ayaw maniwala.

—Kung itong si Juana, —sabi pa ni Mang Ikong, —kung nakakita ka nga ng Markano'y di hindi ka na nakauwi rito!

—At bakit hindi, —sagot naman ni Aling Juana.

—Di kinain ka niyon! —Parang kulog ang tawa ni Mang Ikong.

Bumiling sa pagkakahiga si Gelay.

Hatinggabi na, naisaloob niya. Tulog na marahil si Montserrat sa kabilang silid. Kung bakit lamang hindi siya makatulog, kahi't ipikit niya ang mga mata.

Ano ang damdaming sumasapu-

# Espanyola



so ni Montserrat sa bawa't sandali, sa bawa't araw? Bumiling uli si Gelay. Bakit iyon nagbalik sa Santa Lucia, gayong nag-iisa na't nangangahulugan ng panganib ang pagbabalik niyon? Hindi dahil kay Don Alfonso kaya iyon nagbalik, hanggang doo'y batid niya. Isang bagay ang ipinagiliihim sa kanya ni Montserrat!

Pumikit si Gelay at pilit na itinaboy ang lahat ng guniguning naglalaro sa kanyang isip. Hatinggabi na. Ibig na niyang matulog. Subali, nanatiling gising ang kanyang diwa. Dumilat siya.

At, una'y naramdaman niya ang pagbubukas ng bintana. Makailang ulit siyang pumikit-dumilat. Gising siya. Hindi siya naaalimpungatan. Kangina pa siya gising. Tinanaw niya ang bintana ng kanyang silid. Nangakalapat ang mga iyon. Sa silid ni Montserrat nagmula ang pagbubukas ng bintana, kangina pa niya talos iyon, danga't naniniyak siya. Nagbangon si Gelay. Maingat niyang tinungo ang pintuan at iyo'y binuksan. Pinakiramdaman niya ang katahimikan ng silid. May gising na nilikha sa silid ni Montserrat.

—Hindi siya makatulog, —naisaloob niya.

Nanatili siyang nakikiramdam sa may pintuan ng silid ng dalaga. Tahimik na tahimik ang buong silid.

—Ano ang ginagawa niya't nanunungaw sa ganitong oras ng gabi? —Naisip niya. —At, ako, ano ang ginagawa ko rito?

Ibig niyang mapatawa sa kanyang naiisip. Tinangnan niya ang seradura. At pipihitin na niya iyon nang maulinigan niya ang maingat na yabag na linilikha ng dalawang hubad na mga paa sa sahig. Parang napasong binitiwan niya ang seradura. Inilapit niya ang tenga sa pintuan. Humangga ang mga yabag sa kinaroroonan ng kama.

—Mahihiga na siya, —naisaloob niya. —Nguni't ang bintana...

Parang bombang pumutok sa kanyang pandinig ang tinig na nagbangon sa katahimikan ng silid ni Montserrat. Kinilabutan siya. May tao sa silid ni Montserrat! Isang lalaki. Tinatawag niyon si Montserrat... na waring isang dating kakilala. Matagal bago niya napigil ang panginginig ng kanyang katawan.

—Montserrat... Montserrat...

Parang kilala niya ang tinig.

—Diyos...!

Tinig iyon ni Montserrat.

—Huwag kang matakot, Montserrat. Ako'y si...

—Huwag! Huwag kang lalapit!

Hindi niya bubuksan ang pintuan, naisaloob niya. Maaaring yaon ang magbukas sa lahat ng lihim na namamagitan sa buhay ni Montserrat... upang yao'y lumigaya. Nanatili si Gelay sa may pintuan.

—Si... si Angelito ako, Montserrat...

Ang anak ni Kabesang Ambo!

—Ha?

Tulad niya'y hindi makapaniwala si Montserrat.

—Ano ang ginagawa mo rito?

Tinig uli ni Montserrat, datapwa, ngayo'y payapa na.

—Ibig kitang makausap, Montserrat, bago ako tumungo sa larangan. Noon pa'y ibig na kitang makausap, subali't...

—I—ikaw ang u—umakyat dito noon?

—Oo, subali't pinangambahan kong baka ikaw'y matakot. Ngayo'y hindi na ako nangangamba. Montserrat... na—nais kong bago ako umalis ay sabihin sa iyong i—iniibig kita! Noon pa'y iniibig na kita ... pinakaiibig kita! Montserrat, sabihin mong ikaw'y gayon din. Sabihin mo, Montserrat.

—Noon...

Hindi si Montserrat ang nagsalitang yaon, naisaloob ni Gelay. Si Montserrat ay hindi makatutugon ng gayon. Kay Montserrat ay higit na mabuting maging lihim ang isang bagay na tulad niyon, na wala nang lunas upang maging isang katotohanan. Si Angelito'y may asawa na. At, dapat ngang lumuha si Montserrat noon. Subali't hindi maaaring maging si Montserrat ang kausap ni Angelito ngayon. Hindi. Kaipala'y isang pusong naghihinanakit, isang kaluluwang nagnanais lumaya.

—Kaya ako nagbalik ay dahil sa pag-ibig na yaon. Ibig kong magkaroon ng katuparan ang pag-ibig na yaon. Subali't nang ako'y magbalik ay hindi na maaaring magkaroon kailan pa man ng katuparan ang lahat ng pangarap ng pag-ibig na yaon.

—Hindi Montserrat! Pinakaiibig pa rin kita sa kabila ng katotohanang...

—Huwag, Angelito. Ipinakikiusap ko. Makapagtitiis ako. At kung ako'y iniibig mo'y umalis ka na... baunin mo sa iyong pag-alis ang pag-ibig ng iyong kabyak. Sa ganyan mo lamang ako maiibig.

Napatungo siya. Pinilit niyang huwag makagawa ng anumang ingay, at kahi't parang sinasakal ng damdaming humahalang sa kanyang paghinga ay nagtiis siyang lumuha nang tahimik, nang siya lamang ang nakaaalam.

At, hanggang sa muling maglapat ang bintana ay nanatili siya sa may pintuan... nanatili siyang umiiyak sa pagkakatuklas sa lihim ni Montserrat.

(ITUTULOY)

**Sa Huling Pagtatagpo Nila Ni Angelito Ay Nagawang Timpiin Ni Montserrat Ang Kanyang Pag-ibig Sa Kabila Ng Pagluha**

*ni R. E. BAUTISTA*

## • Mga Alamat Natin

ni Maria Salome Tonsay

ANG KAINTA ay pangalan ng isang bayan sa Rizal na nadaraanan patungong Antipolo. Katulad ng ibang bayan, ang Kainta ay maraming alamat na napapaugnay sa kanyang kasaysayan at isa na ang alamat sa pagkakaroon niya ng pangalan.

Sinasabi ng matatandang nakababatid ng naturang pook na ang salitang "Kainta" ay nagmula sa pangalan ng isang babaing naging huwaran ng kabaitan, kagandahan at iba pang katangian sa pook na iyon. Maging bata at matanda ay dinadalit-dalit ang pangalan ng babaing iyon, hanggang sa wakas ay ipinasya nilang ang pangalan niyon ang gamiting pangalan ng kanilang bayan upang ang naturang babae ay manatiling buhay sa alaala ng lahat.

## KAINTA



Umano, noong unang panahon ay sumilang ang isang napakagandang bata mula sa isang pinakamayamang angkan doon. Ang batang iyon ay nakilala sa pangalang Jacinta. Bagama't bata pa, ang kagandahang ugali ni Jacinta ay napansin na ng marami. Kaiba sa dapat maging ugali ng isang bata, si Jacinta ay mapagkawanggawa sa mga pulubi at ang lahat ng mga batang mahihirap ay siya niyang laging kinakalaro, kaya naman ang mga ito ay nasisiyahan at nakalilimot sa mga suliranin at kaapihan sa buhay.

Kung minsan ay nakakagalitan na ng mga magulang si Jacinta dahil sa kanyang ginagawi sapagka't ang kanyang mga magulang ay aristokrata. Subali't wala silang magawa pagka't bukal kay Jacinta ang pagkakawanggawa. Mahal na mahal naman si Jacinta ng kanyang mga magulang, kaya't kapag umiiyak ang bata sa kanilang ginagawang pagsansala ay sila rin ang nababahala.

Ang likas na ugali ni Jacinta ay tinaglay niya hanggang sa kanyang pagdadalaga. Naging panata na niya ang mamudmod ng limos sa mga pulubi sa mga takdang araw. Kung Linggo ay hindi agad umuuwi ng bahay ang dalaga, at sa halip ay nililimusan niya ang maraming pulubing nakahanay sa may pinto ng simbahan.

Hindi sa pangangailangan lamang ng katawan naging kaaliwan ng kanyang mga kanayon si Jacinta. Maging ang mga may suliraning pansarili na dumudulog sa kanya ay umuuwing nasisiyahan sa pamamagitan ng kanyang mga pagpapayo. Si Jacinta ay nakakatulad ng isang balong binubukalan ng panlunas para sa mga may karamdaman. Ang kanyang kabutihan ay parang gamot na sa minsan niyang pagdalaw ay gumagaling ang maysakit.

Ang buhay ni Jacinta ay itinalaga mandin ng tadhana upang iukol na lamang niya sa kanyang mga pagkakawanggawa. Naganap ang isang malungkot na pangyayari nang sapitin niya ang panahon ng kanyang "paglagay sa tahimik." Ang mabulaklak niyang landas ay hinadlangan ng tinik nang ang kanyang kasintahan ay bawian ng buhay may ilang araw bago ganapin ang kanilang kasal. Palibhasa'y isang babaing matapat si Jacinta, ipinasiya niyang huwag nang umibig na muli bagama't napakaraming binatang dumudulog at naghahain sa kanya ng pag-ibig at kaligayahan. Ano mang amuki ang gawin ng kanyang mga magulang ay rasayang lamang, hanggang sa siya'y tumandang dalaga.

Dumating ang panahong nag-iisa na lamang si Jacinta sa buhay. Ang kanyang mga magulang ay sumakabilang-buhay na, nguni't kailan man ay hindi namanglaw sa kanyang tahanan ang matandang dalaga. Araw-araw ay may panauhin siya. Dinarayo siya ng mga kaibigan at ng kanyang mga napagkawanggawaan upang siya ay aliwin sa kanyang pag-iisa. Ang pangalan ni Jacinta ay napabantog hanggang sa mga karatig-bayan.

Minsan ay may naligaw na taga-Maynila na ipinagtatanong ang pangalang "Ka Inta." Nabatid ng lahat na ang hinahanap pala ay si Matandang Jacinta, at mula noon ay kumalat na sa bayan ang taguring "Ka Inta".

Sa paglakad ng mga araw ay lalong napapamahal sa kanilang bayan si Ka Inta. Walang dumudulog sa kanya na umuuwing bigo. Ganap na niyang iniukol ang kanyang yaman sa pagdamay sa mahihirap at nangangailangan, hanggang sa ang kanyang pangalan ay maging sagisag ng "kaligtasan ng mga sawimpalad".

Tuwing umaga, si Ka Inta ay dinadalaw ng mga bata. May nagdada-

(Sundan sa pahina 21)

# NAGBALIK NA PAGMAMAHAL



**nina Teodorico C. Santos at Pedro Reyes Villanueva**

ISANG MAPAIT na balita ang tinanggap ni Eufemia mula sa kanyang Tiya Isabel. Pagkabasa niya ng telegrama ay nag-unahang bumagtas sa kanyang mga pisngi ang luha. Patay na ang ama, ang pinakamamahal na ama na siya na lamang inaasahang makapagtataguyod sa kanya sa buhay na ito. Ang kanyang ina'y may tatlong taon nang namamatay, at ang Tiya Isabel, na asawang kauli ng kanyang ama, ay hindi niya mahahanapan ng pagmamahal, sapagka't subok na niya ang masamang pag-uugali nito. Samantalang nagpapahid pa siya ng luha at hawak ng nanginginig na mga daliri ang telegrama, ay siyang paglapit sa kanya ni Glory.

—Bakit, ano ang nangyayari sa iyo?

—Ay, Glory, wala na si ama. Narito ang telegrama ng Tiya Ysabel na nagbabalitang... —at hindi na naipagpatuloy ang sasabihin sapagka't napahagulgol ng iyak.

Namutla si Glory at ilang saglit ding hindi nakapagsalita. Hinaplos ang nagusot na buhok ng kaibigan at saka binasa ang telegrama. Namalisbis din ang luha sa kanyang pisngi. Ang damdamin ni Femy ay damdamin din niya, palibhasa'y nagtuturingan silang magkapatid, nagmamahalan at nagmamalasakitan.

—Femy, dinaramdam ko. Nakikiramay ako sa iyong mapait na kapalaran.

—Glory, ako yata'y ipinanganak upang magdanas ng kahirapan. Ang aking ina'y maagang sumakabilang-buhay, at ngayon naman ay ang aking ama.

—Ipaubaya mo sa Maykapal ang lahat. Dumaing ka sa Kanya na aliwin ka sa mga kalungkutan. Ako'y karamay mo, at hindi ka aalis ditong nag-iisa. Sasama ako sa iyo sa Sebu. Magpapaalam ako sa ating guro.

—Salamat, Glory. Mapaglabanan ko nawa ang dagok na ito ng kasawian, —at si Femy ay napayapos sa kaibigan.

---

SINA FEMY AT GLORY ay nasa kasibulan lamang ng pagdadalaga Sa kariktan ay nakahihigit nang kaunti si Femy sa kaibigan. Sa kagandahang-asal ay kapuwa sila mapapupurihan, at sa katalinuhan ay hindi nagkakaungusan. Nguni't si Femy ay may isang katangiang kanya lamang. At ito'y ang kanyang marikit na tinig at ang kasanayan sa pagtipa ng mga teklado ng piyano. Kung siya'y umaawit sa mga palatuntunan ng kanilang paaralan at sa malalaking pagtitipon ay walang hindi nagpupukol sa kanya ng paghanga. Lahat na'y bumabati sa kanya at nagsasabing mayroon siyang magandang kinabukasan sa sining ng pag-awit at musika.

May tatlong taon nang magkasama sa isang dormitoryo sina Femy at Glory. Iisa ang kanilang pinapasukang paaralan sa Iloilo, at sa taong yaon ay sabay silang magtatapos ng haiskul. Sa loob ng panahong iyan ay nagkamahalan sila, nagturingang magkapatid at nagtapatan sa isa't isa. Sila'y kapuwa taga-Sebu at ang kanilang mga magulang ay mga mangangalakal. Si Mang Reno, ang ama ni Femy, at si Mang Pablo, ang ama ni Glory, ay magkapalagayang-loob din at sila'y tanyag at pinagpipitaganan sa kanilang lunsod.

Panatag ang kalooban ng magkaibigan hanggang sa dumating nga kay Femy ang malungkot na balita. Nang oras ding yaon ay naghanda sila, nagpaalam sa kanilang guro at mga kamag-aral.

Nang sila'y dumating sa bahay ay sinalubong sila ni Tiya Isabel.

—Oh, ang pamangkin ko! —ang pahinagpis ni Tiya Isabel. —Sino ang mag-aakalang sa araw na ito'y patay na ang iyong ama?

—Tiya Isabel, —ang halos pasigaw na sukli ni Femy. —Hindi yata ako makapaniwala. Hindi tayo iiwan ni Papa! —at mahigpit na yumapos sa kanyang tiya.

Si Glory nama'y umalalay sa kaibigan. Nang magkahiwalay ang magtiya, si Femy ay pasugod na lumapit sa bangkay ni Mang Reno. Yumupyop sa kabaong at parang baliw na kinausap ang bangkay ng ama. Ang maraming taong naroroo'y nagsisipagpahid ng luha. Isang malungkot na tagpo ng buhay ang kanilang nasaksihan.

—Papa, bakit mo ako iniwan? Bakit hindi mo na ako hinintay? Sino pa ang titingin sa akin? Sino pa ang daraingan ko sa gitna ng mga kalungkutan? Inulila mo na akong lubos. Papa, pakinggan mo ako. Tugunin mo ako. Maawa ka sa iyong anak!

Halos mapatid ang hininga ni Femy. Walang tila ang kanyang mga luha. Nagsisikip at ginigimbal ang kanyang dibdib.

—Oh, kay pait na katotohanan! Diyos ko, ibalik mo po sa akin ang aking papa! —at unti-unting nagdilim ang kanyang paningin hanggang sa mawalan siya ng malay-tao.

Pinagkaguluhan si Femy ng mga tao. Si Tiya Isabel ay nagmamadaling tumakbo at kumuha ng eter. Si Glory ay madaling sumaklolo sa kaibigan at ito'y kanyang pinaypayan.

—O, eto, eto ang eter, —humahangos si Tiya Isabel. —Ipaamoy ninyo sa kanya. Naku, sinasabi ko nga ba't mabibigla ang aking pamangkin, e! —at si Tiya Isabel ay napapanangis na rin.

—Magsilayo kayo, —ang sabi ng isang babae. —Kailangang makasagap siya ng hangin. Huwag kayong magsidaluhong... sigi... magsilayo kayo.

—Femy, Femy, —ang tawag naman ni Glory na hindi humihiwalay sa kaibigan. —Lakasan mo ang iyong loob. Hala, singhutin mo ang eter... huwag ka sanang magpakarupok sa iyong sarili.

—Siyanga naman, pamangkin ko, —ang ayon ni Tiya Isabel. —Alalahanin mong hindi na natin maibabalik ang buhay ng iyong papa.

—Hu, ang mga taong ito kung magsasalita, —ang sabad ng babaing nagpapalayo sa mga tao. —Talagang masakit ang nangyaring iyan kay Femy. Wala na nga naman siyang ina, at... ngayon ay nawalan pa ng ama.

—Si Aling Husta naman kung magsalita, —ang sabi ni Tiya Isabel na parang hindi naibigan ang sinabi ng tinukoy. —Ngayon pa isasabay ang kanyang pagsariwa sa nakaraan.

—Huwag ka nang magdamdam sa akin, Sabel, —ang pakli ni Aling Husta. —Ang lagay ay nasasabi ko lamang ang katotohanan. Tayo man ang lumagay sa kanyang kalagayan ay talagang ganyan na rin ang mangyayari sa atin.

—Huwag na po nating pag-usapan ang bagay na iyan, —ang pakli ni Glory. —Ang sikapin natin ay magbalik ang malay ng aking kaibigan.

Marami ring mga sandali ang nakalipas bago pinagsaulan ng malay si Femy. Pagdilat ng kanyang mata'y nakita agad si Glory.

—Glory, anong lungkot ang maulila! —at siya'y napasubsob sa kandungan ng kaibigan. —Ito na nga ba ang itinadhana sa akin ng panahon?

—Femy, pag-aralan mong labanan ang pighati. Manindigan ka sa harap ng kasawiang ito, sapagka't ang nagtatagumpay sa kasawian ay lalong maligaya pagkatapos.

—Oo, Glory, nalalaman kong aaliwin mo ako sa aking mga kalungkutan, —at nagpatuloy sa paghikbi na waring batang hindi marunong magpigil ng luha.

MADALING LUMIPAS ang ilang buwan.

Para kay Femy, ang mga buwang yaon ay pawang kalungkutan at kadiliman. Ngayong mailibing na ang kanyang ama, ngayong hindi na niya nakikita, ngayong hindi na niya nadaraingan ay lalong naging madalamhati ang

## Nang Mamatay Ang Kanyang Ama Ay Nadama Ni Eufemia Ang Kalupitan Ni Tiya Isabel

kanyang kaluluwa. Hindi siya makapagkain at mapagkatulog. Parang may anino ng kasawiang nagbabantay sa kanya. Waring may naririnig siyang nagsasabing. "Eufemia, mula ngayo'y tapos na sa iyo ang kaligayahan."

—Diyos ko, —ang kanyang maibubulong sa sarili. —Tulungan Mo po ako. Ako po'y ulila nang lubos. Pawiin Mo po sa akin ang malulungkot na guniguni.

Nang matapos ang imbentaryo ng mga pag-aari at pagkakautang ni Mang Reno ay malungkot na lumapit kay Femy si Tiya Isabel.

—Femy, isang malungkot na katotohanan ang naging wakas ng imbentaryo.

—Tiyang, ano ang ibig ninyong sabihin? —ang tanong na may pagkamangha ng dalaga.

—Huwag ka sanang mabigla. Walang naiwan sa atin ang iyong Papa kundi mga utang, —at si Tiya Isabel ay malungkot na nangalumbaba.

—Tiyang, hindi ako makapaniwala, —at halos manginig ang kanyang mga labi. —Natitiyak kong marami pang pag-aari ang Papa.

—Ang batang ito, —ang malumanay na tugon ni Tiya Isabel, —ano nga ba ang malay mo sa takbo ng pamumuhay. Hindi mo ba nalalamang napaglugi ang iyong Papa nitong mga huling buwan ng kanyang buhay, at dinaramdam kong sabihin na iyan ang dahilan ng madali niyang pagkamatay.

—Tiyang, kawawa naman ang aking Papa! Diyata't pagkatapos ng lahat ng kanyang pagmamalasakit sa kabuhayan natin ay sa utang lamang matatapos ang lahat? —at si Femy ay napaiyak na naman.

—Talagang ganyan ang buhay ng isang negosyante, pamangkin ko. Ako man ay hindi halos makapaniwala, nguni't narito ang "report" ng kontador publiko. Pagkatapos na masiyasat ang lahat ay nagkakaroon ng utang ang iyong ama sa ibang mga bahay-kalakal at sa banko na umaabot sa ₱50,000.00. Walang tanging makatatakip sa pagkakautang na iyan kundi ang bahay at lupang kinalalagyan natin.

—Tiyang, kung gayo'y mahirap na mahirap na tayo ngayon! — at napayupyop si Femy sa kandungan ni Tiya Isabel.

—Oo, Femy. Malabis kong dinaramdam ang pangyayaring ito. Sa aking palagay ay iyan ang dahilan ng pagkakasakit niya sa puso. O, kaawa-awang asawa ko!

—Oh, Tiyang, paano ang ating buhay ngayon? Hindi na ba ako makapagpapatuloy ng pag-aaral?

—Hinihingi ng pagkakataon na magbanat ka ng buto. Dapat kang tumigil na muna sa pag-aaral.

—Tiyang, ipinanganak ba ako upang magdusa lamang?

—Talagang ang buhay sa mundo'y mahiwaga, Femy. Iya'y parang takbo ng panahon — kung minsa'y marikit, kung minsa'y pangit.

—Tiyang, hindi ko yata matatagalan!

—Walang hindi mapagtitiisan. Ang kamatayan ma'y hindi natin matatanggihan, gaya nang sinapit ng iyong ama.

Walang nalabi kay Femy kundi karalitaan at kalungkutan. Maging ang kanyang marikit na pangarap ay parang umagang inabot ng matinding unos. Ang naging katulad niya ay isang lunday sa gitna ng maalong dagat. Hindi niya matiyak kung saan siya ipapadpad ng panahon. Talaga sanang magaaral siya ng karunungan sa pagawit at sa musika, sapagka't naroon ang kanyang puso at damdamin. Datapuwa't ang lahat nang pag-asang ito'y parang balangkas lamang ng panaginip na biglang bumagsak.

Magbuhat nang malaman ni Femy ang gayong masaklap na katotohanan ay hindi na siya pinatahimik ng kabalisahan. Saanman niya ibaling ang kanyang paningin ay pawang pagluluksa ng kanyang paligid ang nasusulingan. Nawala ang sigla ng kanyang katawan, pano'y iniibig na niyang mamatay na rin upang sundan sa kabilang daigdig ang kanyang mga magulang.

—Bakit, Femy? —minsa'y pagalit na tanong ni Tiya Isabel nang makitang siya'y nagmumukmok at nagmamaktol na naman. —Tapos at tapos na'y wala ka pang tigil nang kangangalngal.

—Ang Tiyang naman, —ang sagot ni Femy na pinasaya ang mukha. —Sariwang-sariwa pa sa akin ang pagyao ng Papa, e.

—Ke barbaridad, kung may dapat manatili sa pag-iyak ay walang iba kundi ako. Nguni't bakit ako'y nagpapakasigla na ngayon? Sapagka't walang mangyayari sa atin, kundi ang magpakabuwisit pang lalo.

—Tiyang, kayo'y hindi naulila. Ang naulila'y ako. Ano nga ba ang inyong ipaghihinagpis?

—Ah, ganoon! Ang ibig mong sabihi'y hindi ko minahal si Reno, at ako'y isang sampid lamang sa tahanang ito! —ang may higit na galit at hinanakit na sabi ni Tiya Isabel.

—Hindi po sa gayon ang ibig kong sabihin, Tiyang. Alam kong mahal ninyo ang Papa, nguni't ngayong malaya na kayo, ay madali na kayong makakakita ng ibang titingin sa inyo, hindi po ba?

—Magtigil ka, Femy. Binibigyan mo lamang ako ng sama ng loob! —ang matigas nang pangungusap ni Tiya Isabel.

—Tiyang, totoo ang aking sinasabi. Nguni't sa katayuan ko, wala nang magiging pangalawa ang aking ina at ang aking ama. Ang ina ko'y iisa lamang at ang ama ko'y iisa lamang. Hindi na sila mapapalitan sa buhay ko, Tiyang.

—Tse, hinahamak mo yata ako, Femy. Wala kang pagtitiwala at pagmamahal sa akin! —at mabilis na tumalikod si Tiya Isabel na akibat ng pagkamuhi.

MAGBUHAT NOON ay nagkaroon na ng malaking pagbabago sa tahanang yaon. Si Tiya Isabel ay palaging mainit ang ulo at madalas magparinig ng nakapagdaramdam sa kanyang pamangkin. Hindi na isang pamangkin ang pagtuturing kay Femy kundi ibang tao, isang pakanin o isang utusan kaya.

—Hindi maaari ang kilos mong iyan! —minsan na naman ay pagalit na turing ni Tiya Isabel sa pamangkin. —Kailangang magtrabaho ka sa bahay; magluto, maglampaso at maglaba! Ano, hindi mo ba alam na ikaw ay palamunin ko na lamang ngayon?

—Tiyang, hindi ako makapaniwala sa inyong pamamansag na iyan. Alam kong binubuhay pa tayo ng mga kapakanan ng aking ama. Paanong sasabihin ninyong ako'y palamunin lamang dito?

—At ang palagay mo ba'y mayaman ka pa? Hindi ba sinabi ko sa iyo na mahirap ka pa sa daga? Dapat mong tanggapin ang katotohanang iyan at humanda ka sa pagbabanat ng buto.

—Oo, hahanda ako sa pagbabanat ng buto upang kayo naman ang magpasasa sa salapi ng aking ama.

—Lapastangan! Palabintangin! Eto ang iyo! —at sinugod ni Tiya Isabel ang pamangkin at binirahan ng mariing sampal.

—Bakit ninyo ako inaaping ganito? —ang nasambit ni Femy.

—Ngayon ba't sinabi ko ang katotohanan ay sasaktan ninyo ako?

—Iyan ang mabuti sa iyo, lapastangan. Tingnan ko lamang kung sino sa atin ang dapat maghari sa tahanang ito! Ano, nauunawaan mo ba ako?

—Oo, ngayo'y malakas na ang inyong loob na manakit sa akin, sapagka't nalalaman ninyong walang magtatanggol sa akin. Ako'y lubos nang ulila — iyan nga ba ang aking sinasabi. Nangyayari na ngayon sa akin ang kinatatakutan ko. Talagang iisa lamang ang aking ina at iisa lamang ang aking ama sa ibabaw ng lupa.

—Tse, marunong ka nang sumagot ngayon, ha? Iyan ba ang natutuhan mo sa pag-aaral? Hindi mo ako pinagpipitaganan. Kung ako'y itinuturing mong ina o pangalawang ina mo rito, hindi mo pasasamain ang aking loob.

—Tiyang, huwag ninyong damdamin ang aking pangangatuwiran. Sinasagot ko lamang kayo sa inyong pagmamalabis sa akin. Bakit ninyo ako gagawing utusan sa tahanang ito na tahanang naiwan sa

*(Sundan sa pahina 24)*

---

### Subukin Ang Inyong Kaalaman

1. Umaabot sa ganitong halaga ang mga kalakal na ibabayad sa Pilipinas ng Hapon ayon sa napagkasunduan sa reparasyon...
   **a. 840 milyong dolar** **b. 820 milyong dolar** **k. 800 milyong dolar**
2. Ang "cherry blossoms" ay napapanahon kung buwan ng...
   **a. Abril** **b. Mayo** **k. Hunyo**
3. Ito ang sagisag na bulaklak ng mga Hapon...
   **a. Chrysanthemum** **b. sakura** **k. apple**
4. Ito ang pangalan ng pangunahing daan sa Tokyo...
   **a. Ginza** **b. Mitsubishi** **k. Zaibatsu**
5. Ang matandang kabisera ng Hapon ay ang...
   **a. Kyoto** **b. Hiroshima** **k. Nagasaki**
6. Sinabi ng Alkalde Lacson ng Maynila na magkakaroong muli ng digmaan sa Pilipinas laban sa mga Hapon sa susunod na...
   **a. 20 taon** **b. 30 taon** **k. 40 taon**
7. Ang isa sa mga ito ang nagpasimula sa Hapon ng kalakal tungkol sa perlas...
   **a. Minamoto** **b. Matsumoto** **k. Mikimoto**
8. Siya ang kinikilalang "Tiger ng Malaya"...
   **a. Hen. Homma** **b. Hen. Yamashita** **k. Hen. Kuroda**
9. Ang Korea, bilang isang teritoryo ng Hapon, ay tinatawag na...
   **a. Manchuokuo** **b. Chosen** **k. Karafuto**
10. Nilagdaan ang pagsuko ng Hapon noong ika-2 digmaang pandaigdig sa look ng Tokyo sa sasakyang-dagat na...
   **a. USS Enterprise** **b. USS Missouri** **k. USS Saratoga**

**MGA SAGOT...**

1. k 2. a 3. a 4. a 5. a
6. a 7. k 8. b 9. b 10. b

ni Mar R. Punongbayan

# Ang Guhitang Tungkod

HINDI mapasusubaliang sila'y mag-ina, ang dalagita at ang ginang na magkatabing nakaupo sa isang malaking tipak na bato. Kapansin-pansin ang pagiging biyak-bunga ng pagkakahawig ng kanilang mukha. Ang ina ay nasa gulang nang 30 taon at ang anak ay wala pa sa 16. Nguni't sa kasiyahang nakabadha sa kanilang mukha ay tila magkasinggulang lamang sila.

Matuwid ang kanilang pagkakaupo. Bahagyang nakakiling sa kaliwa ang kanilang ulo. Matapat sila kapuwang nakatitig sa tahimik na karagatan.

—Payapa ang dagat at ang panaho'y tahimik, Ina, —bulong ng dalagita na tila nagsisiwalat ng isang lihim.

—Pamaya-maya pa'y sisimoy na ang habagat, —mahina ring wika ng ina, —at lilitaw ang mapuputing hibla ng ulap at ang mumunting alon. Nguni't sa kasalukuyan ay maganda ang kapayapaan. Naalaala ko tuloy ang isa sa bago nating kainang plato sa bahay...

—'Yon ba, Inang. putiang-luntian?

—Oo...

Huminga ang dalagita bago muling nangusap: —Kagabi ay nadama ko ang kaluntian ng mga plato ina.

—Sa... sa malayo, Ina... wala pa ba? 'Yong mumunti?...— May malaking pananabik sa tinig ng dalagita.

—O... e... oo... ayuuuun... malayo lamang... malapit sa hugpungang-guhit... mumunting puting ulap at mumunting alon..: tila nagkakatuwaan sa paghahabulan... papalapit dito...

—O...,— nakangiti nguni't higit na malaking pananabik ang nakapaloob sa tinig ng dalagita. —Nakikita ko sana ang naghahabulang mumunting alon!

—Nakikita ko sana ang mumunting along naghahabulan at mga hibla ng mapuputing ulap tulad ng pagkakakita mo, Ina...—ulit ng dalagita.

Matagal na natahimik ang ina. Napagalaw ang ulo ng dalagita. At sa pagkakahawak sa bisig ng ina ay napapisil ang dalagita.

—Ikinalulungkot ko, Ina...— mahina nang wika ng dalagita. —Napakalaki ng pagnanais ko... nagiging masakim ako, hindi ba, Ina?

Mapagmahal na nakabig ng isang bisig ng ina sa balikat ang dalagita.

—Hindi... hindi kasakiman ang gayon... Nauunawaan ng Maypangungusap ng ina. Nguni't ang gayo'y higit na nagbigay ng liwanag sa mukha ng dalagita.


—Alam mo, Ina,— muling wika ng dalagita sa masiglang tinig. —Kahi't hindi ko nakikita ang iyong mukha ay nalalaman kong maganda ka rin... Higit kang maganda sa lahat ng babaing makikita ko...

Muling nakabig ng isang bisig sa pagkakaakbay ng ina ang balikat ng dalagita.

—Hindi gaanong mahalaga ang nakikita ng isang tao,— sambot ng ina. —Ang naghahabulang mumunting alon ay hindi mahalaga; maging ang nagkislap-kislap na bula sa dalampasigan. Maging ang kaluntian ng karagatang sinasalamin ng bughaw na langit... sapagka't mayroong Isang higit na maganda at mahalagang makita... Ang Isang ito ay napakahirap makita. Ang maraming bagay, maging ang mga matang nakakikita, ang nakahahadlang na malimit sa pagkakasumpong sa Isang ito... sa Kanya... sa Maykapal...

—Sa kalagayan kong ito, Ina... sa kadilimang aking kinalalagyan... Makita ko kaya Siya, Ina?

—Sa karimlang iyong kinalalagyan ay higit na malaki ang pagkakataon mong makita Siya...—



Ang Nakikita Ng Isip Ay Higit Na Malinaw Kaysa Sa Namamalas Ng Paningin, Pagka't Ang Anumang Malimbag Sa Diwa Ay Hindi Mapalabo Ng Karimlan

sa paglalarawan mo, Ina. Napakaganda ng kaluntian....

—Oo nga, maganda ang kaluntiang yaon ng mga plato...

—Para kong nakikita ang kagandahan! —Ngumiti ang dalagita sa kasiyahan. —Walang nakapaglalarawan sa akin ng mga bagay tulad ng nagagawa mo, Ina. Sa iyong paglalarawan ay nagiging mga mata ko ang sa iyo... Nakikita ko sa aking damdamin ang lahat kapag sinabi mo sa akin ang iyong nakikita...

Nagdaan ang ilang saglit na katahimikan sa mag-ina. Nakaupo silang tuwid at walang kilos. At pamayamaya'y napakislot nang bahagya ang dalagita.

—Habagat na yata, Ina, ang simoy?— tanong ng dalagita.

—Oo nga... napaaga ngayon...

Sa malayo, sa malapit sa hugpungang-guhit ng dagat at langit ay sumipot ang ilang hibla ng mapuputing ulap at mumunting along naghahabulan.

—Wala pa ba, Inang, hibla ng mapuputing ulap at naghahabulang mumunting alon?

—Wa... wala pa... yata...

Parang nakahog ang tugon ng kapal... Nababatid Niya ang lahat... hanggang hindi mo Siya nalilimot...

—Sinisikap kong huwag maging walang-utang-na-loob sa Kanya... Mabait naman ako, hindi ba, Ina? Liban lamang nang hilingin ko sa Kanya na ipakita sa akin ang iyong mukha, ang iyong mukha, Ina, kahi't saglit. Nguni't hindi Niya ginawa... Palagay ko'y naghinanakit ako sa Kanya noon...

—Pinatawad Niya yaon, natitiyak ko...

—Palagay ko nga, Ina, ay pinatawad Niya sa akin yaon. At dapat naman...— parang biro ng dalagita. —Hindi naman ang sarili kong mukha ang hiniling kong makita... Hindi ba, Ina?

—Oo nga...— May garalgal ang tinig ng ina sa pagsagot.

—Maganda ba ang mukha ko, Ina?— biglang naitanong ng dalagita.

—Aba... oo... Maganda ang iyong mukha...— tugon ng ina. —Maganda ang mukha mo... Maganda ka... Ikaw na ang pinakamaganda sa lahat ng babaing nakita ko...

Halos pabulong na ang huling tugon ng ina at nahapit na naman ang balikat ng anak.

Napangiti ang dalagita —ngiting nagbabadya ng malaking kagalakan.

—Hindi na ako nangangamba. Nadarama ko, Ina, na matatag na ang aking kalooban ngayon... Maligaya ako... huwag ko mang makita ang magandang karagatan... ang naghahabulang mumunting alon...

—Nasisiyahan din ako ngayon, anak... Kasama mo ako sa iyong daigdig...

—Sa daigdig na nalikha mo para sa akin, Ina...

Nagagap ng ina ang mukha ng anak. Mapagmahal na sinahod ng kanyang dalawang palad ang baba ng dalagita at maingat na hinalikan. Basa ng luha ang kanyang mga mata nang muling magtaas ng ulo.

Sumimoy ang malakas-lakas na habagat.

—Tayo na, anak... gumagabi na...— masigla nang ganyak ng ina. —Unti-unti nang nagsisitikom, tulad ng pagdaraop ng mga

*(Sundan sa pahina 25)*

● **Pangkabataan**

# "ITO ANG AKING AKDA"



## GAMUGAMO

SA SIMULA'Y MAHALUMIGMIG ang simoy ng hanging dumarampi sa katawan ni Dony. Nguni't nang lumao'y nadama niyang uminit nang uminit na wari'y nakikitalad sa kapighatiang dinaranas niya. Ngayo'y wala na siyang nadarama maliban sa madalang na pintig ng kaniyang puso.

Binalak niyang igalaw ang kaniyang katawan. Nguni't hindi man lamang natinag ang dating ayos. Wala na ang dati niyang lakas. Naglaho na rin ang liksi at siglang hinangaan ng kaniyang mga kasamahan sa larangan ng digmaan. Naparam nang lahat. Ang humalili'y karamdaman — karamdamang wala nang lunas. Siya ay may tama sa kaliwang dibdib.

Ito ay naganap nang gabi ring yaon nang looban nila ang isang mayaman sa nayon ng Batitang. Sa simula'y nagtagumpay sila. Halos kalahati ng kayamanan ay nakamkam nila. Pinagsasaktan pa nila ang bawa't tumutol sa maitim nilang hangarin. At nang makuha nilang lahat ang kanilang nais ay mabilis silang lumisan. Tinunton nila ang landas na patungo sa kagubatan.

Nguni't lihim sa kanilang kaalaman ay may nagsuplong sa mga kawal ng bayan. Kaya't sila ay lihim na tinultulan, hanggang sa maganap ang kahindik-hindik na sagupaan. Subali't nakatakas pa rin ang mga taga-labas, maliban kay Dony na naiwan sa madawag na gubat. Tinamaan siya ng ligaw na punlo sa kaliwang dibdib.

Napahandusay na lamang siya. Nawalan siya ng malay-tao. Nang panumbalikan siya ng ulirat ay pinilit niyang idilat ang halos wala nang ningning niyang mga mata. Una niyang namalas ang langit na natatabingan ng kulay-luksang ulap. Sa kabila ng pangangapos ng kaniyang hininga ay nakuha pa rin niyang igala ang kaniyang paningin sa paligid. Wala siyang nabanaagan kundi ang nagaalis-isang dahon ng talahib na sinasaliwan ng mala-agunyas na bugso ng hangin. Wala ang kanyang mga kasamahan na naghatid sa kanya sa malagim na pook na iyon. Iniwan na siya sapagka't wala na siyang lakas upang maging gabay nila sa pakikibaka. Nagiisa na lamang siya.

Nang mga sandaling iyon ay isinumpa niya ang kanyang samahan. Nilinlang lamang siya. Sinilaw sa mapang-akit na simulain.

Muli niyang ipinikit ang nanlalabo niyang mga mata. Sa di kawasa'y gumitaw sa kaniyang isipan ang makulay na tagpo ng kahapon sa piling ng kaniyang ina.

"Iiwan mo na ba akong nag-iisa?" ang sabi ni Aling Maria nang si Dony ay nagpapaalam, 10 taon na ngayon ang nakalilipas. Matamang pinagmasdan ni Aling Maria si Dony at napabuntong hininga. Batid niya na ang samahang sasaniban ni Dony ay pinamumunuan ni Piring. Kilala si Piring — maitim ang budhi. Nguni't si Dony ay nagpumilit pa rin at naging mapusok.

"Maganda po ang pangako ni Piring sa akin," ang sabi pa niya. "Maganda ang kanilang simulain. Magtatamo raw kami ng limpak-limpak na salapi, kabayanihan, at paggalang, na di ko maaaring matamo kung ako ay mananatili rito."

Iba na ang himig ng pangungusap ni Dony. Palibhasa'y mahina ang loob ni Aling Maria kaya't lumuha na lamang.

"Pakinggan mo sana ako, anak." Patuloy ang paghikbi ng kaniyang ina. "Si Piring ay masamang tao, kaya't kung masasama ka sa kaniya ay magiging masama ka na rin at iya'y hahantong sa kasawian."

"Nguni't..." walang naging karugtong ang kaniyang mga pangungusap.

"Huwag kang maakit sa ningning ng kanilang pangako," ang patuloy ni Aling Maria na di mapigil ang pagdaloy ng masaganang luha. "Pagmasdan mo ang gamugamong iyon." Itinuro ang tinukoy na wala nang buhay sa tabi ng ilawang gas. "Dahil sa ningning na likha ng liwanag ng ilaw ay naakit siya. Lumigid nang lumigid. Matagal din siyang naglalaro na tila naliligayahan. Nguni't sa wakas ay ano ang nangyari? Sa ilaw ring iyan nasunog ang kaniyang pakpak hanggang sa magwakas ang kaniyang buhay!"

Hindi natangay si Dony ng ipinamalas na halimbawa ng kaniyang ina. Wala siyang sinunod kundi ang sarili. Winalang-halaga ang paalala ng kaniyang ina. Lumisan siya at di na muling dumalaw.

---

Napukaw ang kaniyang pagdidili-dili nang kumirot ang kanyang sugat. Napapangiwi siya sa sakit. Nais niyang bumalikwas, nguni't wala siyang magawa. Pinagtiim na lamang niya ang kanyang mga bagang. Marahan siyang kumurap-kurap, at pagkunwa'y pumikit na lamang upang hintayin ang pinakahuling pintig ng kanyang buhay. * * *

**—MARCELO LAGMAY**
**18 taong gulang**
**314 Bacood**
**Sta. Mesa, Maynila**

---

## *Mga Gunita Sa Tabing Dagat*



SA ISANG DAMPA sa tabing-dagat ako isinilang. Doon ko ginugol ang masayang araw ng kabataan. Doon ako natutong mangarap, umibig, at mabigo. At nais ko, sa tabi ng dagat na iyon malibing ang aking katawan pagdating ng aking takdang panahon.

Maganda ang kapaligirang iyon sa tabi ng dagat. Magandang tulad ni Nelia, ang aking kababata. Mayumi ang simoy ng hangin. Malambing ang awit ng alon. At si Nelia ay kimi... mahiyain. Ang kanyang mukha ay puno ng kawalang-malay. Kung paghahambingin ay halos magkatulad ang ganda ng kalikasan at ang ganda ng aking kababata.

Madalas na kami ni Nelia ay masayang naliligo sa dagat. Sa nakalatag na buhangin ay malimit kaming maghabulan. Kung kami'y pagod na, susulat kami sa buhangin. **"Nelia, I love you... Nardo, I love you..."** Subali't di magtatagal, tatangayin iyon ng alon. Magkakatinginan kami ni Nelia.

Tuwing hapon ay napaparoon kami ni Nelia sa may puno ng niyog sa tabing-dagat. Mula roon ay masaya naming hinahagod ng tingin ang mga ibong naghahabulan sa paglipad, ang mga along naghahabulan sa paghalik sa dalampasigan, ang paglubog ng araw.

Subali't ang mga tagpong iyon ay matagal nang naganap. Nag-aral si Nelia sa magulong lunsod ng Maynila at natutong makalimot. Binayaan niyang tangayin ng alon ng buhay ang isinulat naming sumpaan sa buhangin.

May asawa na ngayon si Nelia. At ang di niya nalimutang ibalita sa akin ay ang pangyayaring iyon. Anang bahagi ng kanyang sulat:

**"Marahil ay sadyang hindi tayo ang magkapalad. Nagtungo ako rito sa Maynila upang mag-aral, nguni't iba ang aking nasumpungan, at hindi ko iyon natakasan. Naging marupok ako sa pangako. Naisip ko ngayong huwag nang bumalik sa ating nayon. Ayaw kong mamuhay sa piling ng magagandang gunita ng ating k a h a p o n. Maunawaan mo sana ako. Paalam, Nelia".**

At sa kaakuhan ko'y walang nalabi kundi mga gunita... sa tabing-dagat. * * *

**—Diosdado C. Tolentino**
**116 Rizal**
**Lunsod ng Kabanatuan**

---

Pitak ng "Ito Ang Aking Akda"
Magasin ng Bagong Buhay
Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila

G. Patnugot:

Kalakip po nito ang isa kong akda na may pamagat na ..............................................

..............................................................

Pangalan ..............................................

.............................................. Edad: ..........

Tirahan o paaralan: ..............................................

..............................................................

# Dalawang Pangunang Suliranin Ng Bansa



TAPOS NA ang halalan at ang lapiang nasa kapangyarihan ay minsan pang pinagtiwalaan ng bayan upang makapagpatuloy sa pagliiingkod sa mga mamamayan sa susunod pang apat na taon. Ito'y nagpapatunay na may pagtitiwala pa sa kanila ang bayan, lalung-lalo na sa Pangulong Carlos P. Garcia na nangakong ipagpapatuloy ang magagandang gawaing naiwan ng yumaong Pangulong Magsaysay.

Nguni't sa kabila ng paniniwalang ang kasalukuyang pangasiwaan ay may malaking kabutihang naidulot sa naghihikahos na sambayanang Pilipino, ay hindi naman maikakaila na tutoong napakarami pang malalaking suliraning kinakaharap ang bansa, unangunа na rito ang tungkol sa disempleo o kawalan ng pagkakakitaan ng libu-libong mamamayan at ang kataasan ng halaga ng mga pangunahing pangangailangan sa buhay.

Nang nakaraang halalan, ang dalawang pangunahing suliraning ito ng bansa ang una-unang naging isyu sa pangasiwaan ng Pangulong Garcia. Nguni't sa kabila ng katotohanang ito ay pinili pa ring makapanungkulan sa susunod pang apat na taon ang lapiang nasa kapangyarihan sapagka't bagama't hindi nila ganap na nalunasan ang dalawang nabanggit na pangunahing suliranin sa loob ng apat na taong pamamahala ay naniniwala naman ang bayan na sa susunod pang apat na taon ng pangangasiwa nila ay mabibigyan na ito ng kalutasan.

Ang kalutasan sa dalawang pangunahing suliranin ng sambayanang Pilipino ay nasasalalay hindi lamang sa balikat ng Pangulong Garcia kundi sa kanya na ring mga katulong na bumubuo ng kanyang pangasiwaan. Sa bagay na ito'y lalong may malaking magagawa ang mga pinunong katulong ng Pangulo sa pagugit sa daong ng bansa, unang-una na ang mga mambabatas at mga tagapayong may malaking karanasan sa kabuhayang bansa. Kaya nga, sa matalino nilang isipan nasasalalay ang ating kaligtasan sa gipit na kalagayan.

**Ang Disempleo**

Kung pag-uukulan lamang ng masusing pag-aaral, hindi tayo dapat mamuhay na tulad sa isang pulubi sa sarili nating bayan. Kung nakapagpapatayo ng naglalakihang gusali ng bahay-kalakal ang mga dayuhan sa ating bansa ay bakit hindi rin natin ito magagawa? Lalo pa't kung aalagataing tayo'y nasa sarili nating bayan na sagana sa mga likas na kayamanan?

Kataka-takang makita na ang isang dayuhang dati'y namimili lamang ng bote ay makapagpatayo sa loob lamang ng ilang taong pamamalagi sa ating bansa ng naglalakihang mga pagawaan. Gayondin ang masasabi sa mga mayari ng naglalakihang basar at mga tindahan ng iba't ibang kagamitan sa pamumuhay. Anupa't kung magkakaroon lamang ng matapat na pagsusumigasig ang ating mga mambabatas upang maisantabi ang kapakanang personal at sa halip ay lubusang pag-ukulan ng pansin ang paghahanap ng lunas sa gipit na kalagayan ng bansa, ay hindi natin sasapitin ang ganitong aba at kahabag-habag na katayuan sa pamumuhay. Ang nangyayari'y ang mga dayuhan ang siyang nagpapasasa sa kabuhayang bansa natin samantalang tayong mga Pilipino ang siyang tumatayong alipin nila. Samantalang ang mga dayuhan ay mapayapang nahihimlay sa kanilang malapalasyong tahanan, tayo namang mga Pilipino'y naglisaw-lisaw sa lansa-

Itaas: Marami sa mga walang sukat pagkakitaan ang namumulot na lamang ng ano mang bagay na matatawag nang "basura" upang maipagbili sa murang halagang maipantatawid-buhay ng kanilang mga kaanak. Ibaba: Ang Naric ay siyang tanging inaasahan ng mahihirap na mamamayan upang makabili ng murang bigas. Gayunman, maraming bigas-Naric ang nahuhulog sa mga mapagsamantalang dayuhan...





ni Ar. T. Gole Cruz

# Perri

ni Walt Disney

*Salig sa katha*
*ni* FELIX SALTEN
*May-akda ng "BAMBI"*



# BUHAY-BUHAY

nina NICANOR at ESQUIVIAS




"LEKAT 'YANG SI KADYO, SAPUL NANG IPAGBAWAL NI MEYOR ANG BUSINA, PINALAKASAN NAMAN ANG HUGONG NG MAKINA!"





"SORRY, BOSS, NAGKADIKIT ANG ANO, E...!!!

## "Wala raw BUSINA"




"MOMMY, ATUNOG NA NAMAN ABUTINA! ME ATA-TAO PO NA NAMAN!"



"KAPAG WALANG UMAMIN SA INYO KUNG SINO ANG BUMUSINA KANINA, HULI KAYONG LAHAT!"






"TSIP, PATI BA NAMAN ANG MGA KAGAYA KONG PASMADO ANG MGA DALIRI E, KASALI SA ORDENANSANG 'YAN?"



# Mga Piling Kagandahan



ANG PINAKAMAGAGANDA at kaibig-ibig na mga bituin ng puting-tabing sa Hapon (itaas) ay nakunan ng larawan sa isang makasaysayang pook sa Tokyo. Ang hawak nila'y mga raketang gagamitin nila sa isang paligsahan ng larong "badminton" na ginaganap sa naturang siyudad minsan sa isang taon. Mula sa kaliwa: Momoko Kochi, Kyoko Aoyama, Keiko Awaji, Kaoru Yachigusa, Yoko Tsukasa, Michiyo Aratama, Izumi Yukimura, Chie Ogi, Kyoko Anzai at Yumi Shirakawa. Silang lahat ay pawang mga bituin ng Toho Studios.

Ang nasa kanan ay si **Miss** Ko Wei-fan, 19 na taong gulang na dilag ng Hongkong, na siyang nahirang na "Reyna" sa isang timpalak-kagandahang idinaos kamakailan kaugnay ng pambansang pagtatanghal ng mga produkto ng Hongkong. Si Ko ay nagtamo ng ginintuang estatuwa bilang gantimpala, bukod sa walang bayad na paglalakbay sa Singgapur.

**(Pan-Asian Photo News)**

## NAGBALIK...

**KARUGTONG**

akin ng aking mga magulang? Hindi ba ang tahanang ito'y akin? Hindi ba ito'y mana ko sa aking ama? Bakit ibig ninyong magbuhay-reyna at ako'y magbuhay-utusan?

—Tingnan mo ang mga salita mong iyan! Sino ang hindi magpuputok ang butse sa ganyang himig ng iyong pangungusap? Sinabi ko ba sa iyong akin ang tahanang ito?

—Hindi ako maaaring maniwala sa mga sinasabi ninyong iyan. Iya'y likha lamang ninyo upang agawin ang aking kaligayahan sa tahanang ito. Ano ang masasabi ninyong pag-aaring inakyat sa tahanang ito magbuhat nang kayo'y mapangasawa ng aking ama?

—Ah, nalimutan mo na ba na ang mga bagong kasangkapang naririto'y napanhik nang dahil sa akin? Ano ang inabot kong mga kasangkapan ninyo rito? Hindi ba panay na luma na karapat-dapat lamang sa apoy? Ngayong maiayos ko ang pamamahay na ito ay susumbatan mo pa ako?

—Oo, hindi ko ba nalalaman na dahil sa iyong napakaraming kapritso, sa inyong pagbubuhay-mayaman nang kayo'y mapangasawa ng aking Papa, ay limpak-limpak na salapi ang nagugol sa inyo? At marahil, kung totoo ngang mahirap na kami ngayon, kayo ang naging dahilan.

—Ba't talagang... Hindi ka ba magtitigil ng kasasagot? Basta't ako ang nakapamamahala rito. Wala kang dapat gawin kundi sumunod! —at iniwan ni Tiya Isabel ang pamangking halos sumabog ang dibdib sa matinding sama ng loob.

Si Tiya Isabel ay bihis na bihis nang umalis. Ayos na ayos ang "make-up" at mabangong katulad ng isang rosas na namumukadkad. Sa kanyang gayak na yaon ay daig pa niya ang isang dalagang kasibulan. Sino ang magsasabing si Tiya Isabel ay hindi dalaga? Sino ang hindi magpapako sa kanya ng tingin? Sino ang lalaking hindi niya maakit? Siya'y nag-aangkin ng pambihirang kagandahan at may sariling katangian sa pakikipag-usap. Sa gulang niyang tatlumpu't dalawa ay masasabing nasa katanghalian pa lamang siya ng buhay.

Samantala, si Femy ay naiwang lumuluha. Hindi niya malaman kung kanino dapat ihinga ang kanyang mabibigat na suliranin. Madilim ang kanyang hinaharap, at sa pagkakatikisan nila ni Tiya Isabel, ay lalo pang naragdagan ang kanyang mga kalungkutan.

**Ano kaya ang gagawin ni Femy? Maghiganti kaya siya? Makipagkasundo kaya sa kanyang tiya? Sino ang dapat matira sa tahanang yaon? Ano kaya ang kasawian pang naghihintay sa dalaga?**

**Huwag kaligtaan ang marikit na tagpo sa susunod na labas ng nobelang ito.**

(ITUTULOY)

## ...uliran ba...

KARUGTONG

inyong hapunan minsan sa isang linggo?

2. Lubos bang katuwaan ang iyong nadarama dahil sa siya ang napangasawa mo at sa iyong palagay ay dapat kang kainggitan ng iyong kapuwa babae?
3. Sapul nang kayo ay ikasal, hindi ba niya nakakaligtaang maalala ang pagsapit ng iyong kaarawan at ang anibersaryo ng inyong kasal?
4. Kung naiiwan man niya ang kanyang mga pinagbihisan, ito ba ay bihira lamang?
5. Nag-aahit ba siya araw-araw?
6. Itinatanong ba niya muna sa iyo kung may nais kang puntahan bago siya makipagtipan sa kanyang mga kaibigan?
7. Kailanman ay hindi pa ba siya dumarating ng bahay na mainit ang ulo?
8. Sa inyong pagsakay sa sasakyan, ikaw ba ay ipinagbubukas niya ng pinto at madalas na ikaw ang nauuna?
9. Kung mayroon kayong deposito sa bangko at sakaling nangailangan ka ng pera, nakakakuha ka ba agad nang hindi na nagsasabi sa kanya?
10. Kung ikaw ay kasama niya, hindi ba siya nagkukuwento ng malalaswa?
11. Madali ba niyang matandaan ang mga bagay na ipinagagawa mo sa kanya at hindi na kailangan pang ipaalala sa kanya sa tuwina?
12. Hindi ba niya pinipintasan ang iyong mga niluluto?

Huwag kayong mabibigo kung sakaling mababa ang maging antas ng inyong mga kabiyak. Walang taong **perpekto**, wika nga ng marami. Ang katuparan ng lahat ng inyong mga pangarap ay sa diyamante lamang matatagpuan.

Tumbasan ng limang bilang (5 points) ang bawa't sagot na oo...

Mga antas:

50-60—napakaulirang asawa
40-45—napakabuti upang maging totoo
25-35—pinakamainam na antas na sukat maabot ng bawa't kabiyak
0-20—ang paghihigpit sa bawa't bagay ay hindi makasasama!

Umiiyak na umuwi si Totoy, isang hapong galing sa eskuwelahan. Punung-puno ng putik ang damit at may blak-ay pa sa kaliwang mata.

—Bakit? —nabiglang usisa ni Nana Sela na napapasok buhat sa kusina.

—Si Beto, Inay... sinuntok ako sa mata at itinulak pa 'ko sa kanal!

—E, bakit? —usig naman ni Tata Doro na napasugod din nang lapit buhat sa pagbabasa ng peryodiko sa tabi ng bintana.

—'Ala naman akong ginagawang masama, e. Humihingi sa 'kin ng babol gam... nang

—Talagang hindi ko sinasadya, Inay! Peks man! —sagot ni Totoy.

Maliksing hinubaran na ni Nana Sela ng damit ang anak at matapos papaliguin ay pinapagbihis.

—Hindi bale, pasensiya ka na, anak... —wika ni Nana Sela nang makitang nagngunguyngoy pa rin sa isang sulok si Totoy. —Me araw din na malalaman ng Betong 'yan na masama ang ginawa n'ya sa 'yo... at hihingi siya ng tawad!

—Basta... gaganti 'ko sa kanya! Susumpitin ko naman s'ya sa mata! Ano, parati na lang paloloko! —sabi ni Totoy.

pat, e batutain nang husto, para madala!

Nagkasagutan ang magasawa sa tinuran ni Tata Doro. Nguni't sa dakong huli, si Nana Sela rin ang nanaig at naigiit ang kanyang paniniwala.

—Tandaan mo, anak... — ang muling wika kay Totoy, — **yakapin mo ang iyong kaaway,** at katutuwaan ka ng Diyos! Natutuwa Siya sa mababait na bata...

Hindi na umimik si Totoy. Muling suminghut-singhot at pagkuwa'y naupo sa baytang ng kanilang hagdanan. Tila may malalim na iniisip.

Kinabukasan, nang umuwi si



# may kapilyuhan din naman si totoy

**sumunod si totoy sa pangaral ni nana sela, nguni't lalong masama ang nangyari, sapagka't...**

ayokong bigyan dahil sa iisa lang, e inagaw sa 'kin! — —Suminghut-singhot si Totoy. —Inagaw ko uli sa kanya... pero hindi ko natantiya ang babol gam... at nasundot ko s'ya sa mata!... Tapos... sinuntok na 'ko at itinulak!

—Kow, baka naman talagang sinundot mo! Alam kong me kapilyuhan ka ring tulad ng ama mo, e.

Napairap si Tata Doro sa asawa.

Hinaplus-haplos ni Nana Sela si Totoy.

—Huwag, anak... matuto kang magpatawad para matuwa sa 'yo ang Diyos. Sapagka't sabi Niya: **yakapin mo ang iyong kaaway.**

Muling inirapan ni Tata Doro ang asawa.

—Dumale ka na naman! — ang wika. —Iba na ang panahon ngayon! Hindi na makukuha sa yakap-yakap ang talagang salbaheng tao! Ang da-

Totoy buhat sa eskuwelahan ay nagulat sina Tata Doro nang makitang dalawa na ang blak-ay ng anak. Ngumangalngal na naman si Totoy.

—Ano na naman ang nangyari? Ba't ka nagkaganyan? —nandidilat na tanong ni Nana Sela.

—Sinuntok uli ako ni Beto, Inay...

—Bakit nga? —usig naman ni Tata Doro.

—Niyakap ko lang, paris ng sabi kahapon ng Inay...

—Niyakap mo, e sinuntok ka pa? —hindi makapaniwalang sabi ni Nana Sela.

—Oho, sinunod ko lang ang sabi n'yo...

Kumurap-kurap si Nana Sela. Napatitig naman si Tata Doro sa anak. Patuloy sa pagiyak si Totoy.

—Hindi ako makapaniniwala. Nagsisinungaling ka! — sabi ni Nana Sela. —Bakit ka susuntukin uli kung niyakap mo lang! Matutuwa pa iyon...


—Kasi... —kinusut-kusot ni Totoy ang dalawang matang nanlalagkit sa luha, —kasi... pinuno ko muna ng alkitran ang dalawang kamay ko bago ko siya niyakap! Sa ulo at sa mukha ko pa hinawakan nang yakapin ko...

Hindi malaman ni Nana Sela kung magagalit o matutuwa sa anak.

Tumalikod naman si Tata Doro at ngingiti-ngiting lumabas sa kusina... —**E.V.R.**

*Magmadyik Tayo*

## ANG BARAHANG "NEVER MISS"



SA LIGHTER, pag sinabing "never miss", ang ibig sabihi'y walang mintis ang pagsisindi niyon. Sa baraha naman, pag sinabing iyo'y "never miss", walang mintis ang paghugot doon.

Kumuha kayo ng isang salansan ng baraha (kahit gaanong karami) at iladlad ninyo nang nakaharap sa inyong kaibigan. Papiliin ninyo siya ng isa roon, ipakuha, at patandaan. Sabihin ninyong nabunot niya ang barahang "never miss". Pagkatapos ay ilapag ninyo nang pataob ang natirang mga baraha sa inyong kamay, ipapatong ninyo nang nakataob din ang barahang "never miss", saka ipahati ang salansan. Pagsamahing muli ang mga salansan, na ipinaiilalim ang inangat na salansan.

Hindi tinitingnan, isa-isa ninyong itihaya ang bawa't baraha ng nakataob na salansan. Madali ninyong mapipili ang barahang "never miss", o ang barahang pinili ng inyong kaibigan. Nahugot ninyo iyon nang walang mintis.

Simple lamang ang paraang gagamitin ninyo:

Bago ipabunot ang isang baraha sa inyong kaibigan, tandaan na ninyo ang unang baraha ng salansan (pag itinaob, ang barahang ito ang nasa pinakailalim); halimbawa'y alas na puso.

Ipaghalimbawa naman ngayong ang binunot na baraha ng kaibigan ninyo ay ang *king*. Ito ay ipapatong ninyo nang pataob, kaya siyang mapupunta sa ibabaw ng nakataob na salansan.

Kapag pinagdalawa ang salansan sa *A* at *B*, ang pangilalim na baraha ng *A* ay alas na puso, at ang pang-ibabaw na baraha ng *B* ay ang *King*.

Ipatong ninyo ang salansang *A* sa salansang *B*. Sa ganito, ang barahang "never miss" (*king*) ay mapapasailalim ng alas na puso, o ang barahang inyong tinandaan.

Sa inyong pagtitihaya nang isa-isa, sa sandaling makita ninyo ang tinnandaan ninyong baraha, matitiyak ninyong susunod doon ang barahang binunot ng inyong kaibigan. Walang mintis ang pagkabunot ninyo ng barahang "never mis." —M.N.N.

HAPON NOON ng buwan ng Septiyembre. Sa isang silid ng isang mataas na paaralan sa siyudad ng Maynila ay nagbabasa ng sulat si Remigia, isang magandang guro. Katabi niyang nakikitunghay sa liham ang kaibigan niyang matalik na si Selina, isa ring guro sa naturang paaralan.

—Kawawa naman, —may pagkahabag na naibulalas ni Selina matapos basahin ni Remigia ang sulat.

Galing ang sulat sa kasintahang sundalo ni Remigia na nakadestino sa Amerika. Sinasabi sa sulat na ang sundalo, si Quintin, ay may sakit. Ayon sa manggagamot na tumingin kay Quintin ay may malaking dipiresiya ang baga nito, at kung hindi mapangangalagaan ay maaaring lumala. Kaya si Quintin ay kasalukuyang namamahinga sa isang pagamutan ng hukbo. Kung gagaling ang karamdaman ni Quintin ay hindi nito masabi. Kung makababalik pa sa sariling bayan, ay hindi rin malaman. Ang pinakamahalagang nasasabi sa sulat ay nananalig si Quintin sa awa ng Diyos, gayundin sa pag-ibig ni Remigia, na siyang "lakas" na tutulong sa kanya upang gumaling at makabalik sa Pilipinas...

—Siyenga, kawawa naman siya...— nasabi rin ni Remigia pagkaraan ng ilang saglit, at napatanaw sa malayo. —Nguni't kung tutoong may sakit siya, na isa pa namang sakit na dilikado at nakakahawa, ay hindi maaaring magpatuloy ang dati naming pagkakaunawaan.

—Ano ang ibig mong sabihin?— usisa ni Selina.

—Hindi ako maaaring pakasal sa kanya. Hindi kami magiging maligaya kung sakaling magkatuluyan kami matapos kong mabatid ang kanyang karamdaman.

—Nguni't maaaring gumaling siya, —sabi ni Selina. —Kung magaling na ang kanyang sakit ay walang dahilan upang iwasan mo siya.

—Oo, nguni't gumaling man ang kanyang karamdaman ay maaaring umulit. At maaaring kung kasal na kami ay saka ako magpasan ng hirap. At iyan ang hindi ko matitiis. Kaya nag-aasawa ang isang babae ay upang magkaroon ng katuwang sa buhay, hindi upang magalaga at magpakahirap sa isang asawang may sakit. Maaaring hindi ka sang-ayon sa aking paniniwala, subali't iyan ang paniniwala ko..

Hindi na nakasagot si Selina sa iba pang ipinaliwanag ni Remigia na pawang nauukol sa sariling paniniwala at kapakanan. At hindi naman masisi ni Selina ang kaibigan, pagka't tungkulin ng sinumang tao na hangarin ang sariling kapakanan at kaligayahan.

Buhat noon, napansin na ni Selina ang malimit na pagsundo kay Remigia ng isang lalaking makisig at sa ayos ay mapagkikilalang maykaya sa buhay. Nahalata rin ni Selina ang mainam na pakikitungo ni Remigia sa lalaking iyon, na nang lumaon ay nakilala niya sa palayaw na Tony.

Sa mga nasasaksihan ni Selina ay hindi niya mapag-aalinlanganan ang isang katotohanan: ganap nang nabuhos ang loob ni Remigia kay Tony. At ito'y napatunayan niya nang si Remigia na rin ang magtapat sa kanya, isang hapong sila'y pauwi buhat sa paaralan.

—Nakatagpo na ako ng kapalit ni Quintin, Selina...— sabi noon ni Remigia. —Si Tony ay higit na makapagpapaligaya sa akin kaysa isang lalaking may sakit na di ko malaman kung makababalik pa sa sariling bayan.

—Ang ibig mong sabihi'y... — nabitin ang pagsasalita ni Selina

mubha ang sakit nito at tuluyang hindi na gumaling, kapag natuklasan ang katotohanan!

Minarapat ni Selina na gumawa ng paraan upang huwag namang lubhang masaktan ang damdamin ni Quintin. Hindi niya malaman kung bakit nagkaroon siya ng sang pagmamalasakit sa lalaking iyon na hindi pa niya nakikita man lamang. Ang tanging nalalaman niya ay nais niyang makatulong sa isang kawawang nilikha. Ang paghahangad niyang makatulong kay Quintin ay isang bagay na nakapagpapaligaya sa kanya at sa palagay niya'y ikinalalapit niya sa kalooban ng Diyos.

Hinangad ni Selina na kausapin si Remigia. Sasabihin niyang huwag munang ipaalam kay Quintin ang katotohanan. Kung maaari'y gumawa si Remigia ng isang kaparaanang magtatakip sa ipinalalagay niyang kataksilan nito. Sa gayo'y hindi na naman lubhang magiging masakit sa kalooban ng nilimot na kasintahan. Sapagka't ang higit na masakit sa isang pusong umiibig ay ang mabatid na nilimot ng isang minamahal sa sandaling lalong kinakailangan ang tulong at pagdamay!

At isang umaga nga, nang duma-

• Tunay na Pangyayari

# Maganda Pa Ang



at napatitig kay Remigia.

—Oo, magkasintahan na kami ni Tony. Pagkatapos niya ng pag-aaral sa darating na Marso ay pakakasal na kami. Iyan ang aming usapan. —Tila may pagmamalaking napatawa pa si Remigia. —Hindi mo ba ako babatiin, Selina? Sa mga katangian ng lalaking ipinalit ko sa una kong katipan ay masasabing nasa akin ang karangalan, hindi ba?

Bilang pagbibigay ay marahang napatango lamang si Selina. Subali't sa kanyang puso ay nakadarama siya ng isang pagtutol. Hindi niya minamabuti ang ginawa ni Remigia. Para sa kanya, ang gayo'y isang kataksilang dapat ikahiya ng sinumang babae.

Buhat noon, parang bumigat ang loob ni Selina kay Remigia. Malimit maalaala ni Selina ang may sakit na kasintahan ng kaibigan na di nakatatalos ng katotohanan. Awang-awa siya kay Quintin, lalo't kung nagugunita niya ang bahagi ng huling sulat nito na ganito ang nasasabi: **"Remigia, mahal ko... sa kabila ng walang katiyakan kong kalagayan ay maligaya pa rin ako sa pagkabatid na may isang babaing umiibig at di nakalilimot sa akin — ikaw, pinakamamahal kong Remigia! Ang pag-ibig mo sa akin ay siyang lakas na magiging katig ko sa aking karamdaman..."**

Di mapigilan ni Selina ang pangingilid ng kanyang luha sa tuwing maaalaala ang bahaging iyon ng sulat ni Quintin. Gaanong sakit ng loob ang tatanggapin ng binata kapag nabatid na mayroon na siyang kapalit sa puso ng dalagang pinakaiibig! Maaaring lu-

ting sila sa paaralan ay nilapitan ni Selina si Remigia upang kausapin tungkol sa nais niyang mangyari. Subali't ang gayo'y hindi na niya nagawa. Sapagka't sinalubong siya ng isang balita ni Remigia na hindi niya inaasahan sa araw na yaon.

—Kasal na kami ni Tony, Selina!— pagbabalita ni Remigia. —Sa papasok na taon pa sana ang usapan naming pakakasal, nguni't pinilit niya akong pakasal na kami nang lihim. Mabuti na raw ang kapuwa kami nakasisiguro...

Nabigla si Selina, nguni't hindi siya nagpahalata. Hindi na niya hinangad na sabihin pa ang talagang nasasaloob niya. Kunwa'y nakangiting binati pa niya ang kaibigan, at pagkatapos ay nagtungo na siya sa sariling silid.

Makalipas ang mahigit na isang linggo mula noon, isang sulat ang lihim na binabasa ni Selina sa isang silid sa kanilang tahanan. Ang sulat na iyon ay sulat ni Quintin para kay Remigia. Si Selina ang tumanggap ng sulat na iyon na hindi na niya naibigay kay Remigia pagka't ito'y tumigil na ng pagtuturo at hindi na pumasok kinabukasan ng araw na pakasal kay Tony. At nang araw na iyon, aywan ni Selina kung bakit hindi niya napaglabanan ang hangaring basahin ang sulat ni Quintin kay Remigia. Anang bahagi ng sulat: **"...Matagal kong hinintay ang kasagutan mo, mahal ko. Subali't ako'y nabigo. Hindi ko malaman kung bakit hindi mo na ako sinagot. Kung ito'y nangangahulugan ng paglimot mo na sa akin matapos mong mabatid ang katotohanan tungkol sa aking kalagayan,**

## Ang Hukbo...

KARUGTONG

Ito ay naganap nang nagdaang Septiyembre.

Pagkatapos makipagpanayam kay Kalihim Jesus Vargas ng tanggulang-bansa, iniutos din ni Heneral Arellano nang nakaraang huling linggo sa Septiyembre (1957) sa pamunuan ng estado mayor ng Hukbo na pag-aralan kung maaaring gawing mga pinuno ang mga tauhan ng Hukbo na malapit nang mamahinga, may mahahabang taon ng maningning na paglilingkod at kabilang sa tinatawag na "reserve commission."

Nais ni Heneral Arellano na bago mamahinga ang mabubuting tauhang ito ng Hukbo ay gawin muna silang pinuno at nang sa gayon ay tumanggap sila ng karampatang pabuya kung namamahinga na bilang gantimpala sa kanilang katangi-tanging mga nagawa.

Ang ganito, ayon kay Vargas at kay Heneral Arellano, ay higit na makapagpapasigla sa mga bagong kawal upang magsumigasig sa kanilang paglilingkod at upang huwag agad humiwalay sa Hukbo.

Magugunita na kamakailan lamang ay nagharap si Senador Claro M. Recto ng dalawang panukalang-batas sa Senado na pawang nahihinggil sa pagtataas sa sahod at biyaya ng mga kawal.

Bago natapos ang karaniwang sesyon ng Kongreso sa nakaraang taon ay nagpatibay din sila ng bill na ukol sa kabutihan ng mga sundalo, at nilagdaan naman ng Pangulo.

Dahil sa mga iyan, masisigla ang karamihan sa bumubuo ng ating Hukbong Sandatahan kaya naman may matuwid na umasa sa kanila ang mga mamamayan ng karampatang paglilingkod at pagtatanggol laban sa mga kaaway na magmumula sa loob man o sa labas ng ating bansa.

Hindi masasabi nang may pagmamalaki na kayang-kayang maipagtanggol ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas ang bansang ito kung may sasalakay mula sa labas. Nguni't mahihirapan muna sila bago sila makayapak sa lupang ito ng mga Pilipino pagka't ang ating mga kawal ay tiyak na tutulungan ng mga mamamayan, babae man o lalaki, kung darating na ang ganyang pagkakataon.

Bukod diyan, kaya hindi makakayang igupo agad ang Hukbo ng Piliipnas ay dahil sa tulong ng mga kawal ng Amerika na may mga base militar dito. Iyan ang pangunahing dahilan kung bakit pinahihintulutang mamalagi rito ang mga base militar ng E.U.

May samahan pa rin sa tanggulan ang mga bansa sa Silangang Asya, ang tinatawag na SEATO, na binubuo ng walong bansa. Kapag sinalakay ang Pilipinas, ang pitong bansang kaanib ng Pilipinas ay tiyak na tutulong at magpapadala ng kani-kanilang mga kawal.

Samakatwid, walang dapat ipangamba ang mga mamamayang Pilipino pagka't mahirap lupigin ang Pilipinas. Gayunman, dapat tayong maging handa sa lahat ng sandali. ***

## Ang Guhitang Tungkod

KARUGTONG

palad, ang mga dahon ng akasya... at pamaya-maya... sa dahan-dahan na ngayong paggapang ng dilim ay tutugtog na ang **Angelus**...

—Higit kang maraming magagandang nakikita kaysa ibang tao, Ina. At ang lahat ng nakikita mo ay nakikita ko sa pamamagitan ng iyong mga mata...

At nasiil ng dalagita ang bisig ng ina, na noon nama'y nakatungo na at kinakapa sa pamamagitan ng isang kamay ang isang guhitang tungkod na nakahiga sa kanyang paanan...

At ang mag-ina'y magkasabay nang tumindig. Kapuwa may ngiti sa mga labi. Samantalang taas ang noong magkakawit-kamay sila sa paglakad sa baybaying-dagat, bihasang kinakapa ng isang kamay ng ina ang daanan sa pamamagitan ng guhitang tungkod. * * *

## Kinabukasang Pinadilim...

KARUGTONG

wan. —Sa pag-uwi ko sa gabi, nagtatabi ako ng ano mang halagang naiipon ko sa pagpapalimos.

Diyan siya kumukuha ng pambayad sa bahay. At nabanggit pa niya: —Mabuting makisama ang pinakikituluyan kong si Aling Auring. Di tulad ng una kong pinakisamahan.

Ang unang pinakisamahan niya sa tinuluyang bahay ay isang matandang lasengga... katulad ng yumao niyang asawa: mapagsalita ng masakit, mapagbintang, pabaya.

Hindi niya natagalang makisama sa isang katulad ng naging malupit sa kanya. Matagal na niyang naisumpa

*(Sundan sa pahina 31)*

## KAINTA

KARUGTONG

la sa kanya ng prutas, mayroong gatas na sariwa at mayroong mga bulaklak. Ang mga batang ito ay nagmamahal sa kanya pagka't kung dumarating ang araw ng Pasko at Tatlong Hari ay masaganang piging ang ibinibigay sa kanila ni Ka Inta, bukod pa sa regalong kanilang tinatanggap.

Isang umaga, halos magkakapanabay na dumating ang mga bata sa kanilang dinadalaw. Taglay ang kanilang mga pasalubong sa matanda, umawit pa muna sila ng isang masayang awitin bago sabay-sabay na tumawag sa matanda.

—Ka Inta, Ka Inta, naririto na po kami...

Nguni't ang tinawag ay hindi sumagot, di tulad ng dating naririnig nila ang basag na tinig nitong sumasagot ng "Tuloy!" matagal na nanatili sa may hagdanan ang mga bata, at nang mainip ay saka nagsipanhik.

Nguni't ano ang kanilang nakita sa itaas! Si Ka Inta ay nakahandusay na wala nang buhay. Nang igala ng mga bata sa loob ng bahay ang kanilang paningin ay nakita nilang marami pang nababalot na pangaginaldo si Ka Inta na sadyang nakalaan para sa kanila. Iyon ang huling aginaldo sa kanila ng minamahal na matanda.

Ang pagkamatay ni Ka Inta ay walang iniwan sa isang talang naglaho sa kanilang pook. Tinangisan ng lahat ang kanyang pagpanaw pagka't nawala na ang butihing matanda na naging gabay ng marami. Sa lahat ng dako ay maririnig ang panangis na "Ka Inta, O Ka Inta, bakit mo kami iniwan!"

Namatay nga si Jacinta, ang babaing nag-ukol ng kanyang buhay sa paglilingkod sa kapuwa. Nguni't ang kabanalan ng kanyang alaala ay inaring kayamanan ng mga taga-roon. Namatay siya nguni't nanatiling buhay ang kanyang pangalan sapagka't buhat noon, ang pook na iyon ay tinawag na... KAINTA. * * *




San Miguel Pale Pilsen

**Pagdating Ng Kasama – Oras Ng BEER**

Tiyaking magdudulot kayo ng malamig na Serbesang San Miguel pagdating ng panauhin. Ito'y magpapatunay ng inyong kagandahang-loob at panlasa... at ito'y laging hinihintay.

GAWA AT ISINABOTELYA NG San Miguel Brewery




*Priscilla Valdez*

**"Starlet" Ng Sampaguita**